Sa mga sumunod na panahon, pinag-isipan kong maigi kung ano ang dapat gawin upang makuha ang tamang timpla ng mga tula. Hanggang dumating sa akin ang realisasyon na kailangan kong palitan ang *point of view*. Mula sa dating nasa ikatlong panauhan, kailangan kong gamitin ang unang panauhan. Kung dati ay mistulang mga manikang nakatanghal lamang sa salamin ang mga pares na magkasuyo habang walang pangimi o panginig ng tinig na isinasaysay ang kanilang takda ng isang tagapagsalutang nababatid ang lahat, ngayon ay kailangang akuin na ng isa sa kanila ang tinig. Akuin muli ang “ako” ng persona. Hayaan ang panganib sa kaniyang pagsasalita.

Pagkaraan ng pagbabago ng panauhan, natumbok ko na rin sa wakas ang para sa akin ay tumpak na salitang maglalarawan sa mga awit: *alinsunuran*. Kaya *Alinsunurang Awit* na ang pamagat ng proyekto, at sa pakiramdam ko, pinal na ito. Hindi ko kasi maisasara sa apatnapu lamang ang mga tulang ito, may mga awit na kailangan ko pang sulatin. Kung noong una ay pitumpu't pito ang aking target, ngayon ay huhustuhin ko nang walumpu. Gawin nang *diptych* ang proyekto. Ang unang apatnapu na naisulat ko ay maaaring pag-alinsunuran nitong huling apatnapu. Maaari ring tugon sa naunang mga tula. Maaari rin namang hindi. Maaaring panibagong sasabihin o susog kaya. Basta't kinakailangang mabuo ang tambalang bahagi. Naaalala ko rito ang *Songs of Innocence* ni Blake, na pagkuwan ay sinundan niya ng *Songs of Experience*. Ano't anuman, marami akong maaaring gawin na hindi ko pa rin alam at maaari ko lamang malaman kung nasa proseso na ng paggawa nito, sa proseso ng pagtula. Kaunti lamang naman ang walumpu kung iisipin. Si Berryman ay nakulangan sa pitumpu't pito kaya dinagdagan pa niya ang *The Dream Songs* ng 308 sa buong obrang *His Toy, His Dream, His Rest*. Sa karanasan ni Berryman, aniya, lima hanggang sampung taon ang kailangan sa pagsulat ng isang mahabang tula. Sa kaso ng proyekto ko, hindi na rin naman ako nagmamadali yamang umabot na ito sa halos limang taon. Baka nga limang taon pa muli ang kailangan para matapos ko ito. Kung higit pa roon, ayos lang. “*Song is existence*,” sabi ni Rilke.

PAGPAPABITAY SA MATANDANG KAHOY NA INYAM SA ISLA BORACAY (SANAYSAY SA “ANO ANG AKING SINUSULAT, PAPAANO, AT BAKIT?”)

GENEVIEVE L. ASENJO

FELLOW PARA SA KUWENTO, 50TH UPNWW

PAGKATUTO SA UNANG NOBELA, SA *LUMBAY NG DILA*

UNA KONG NAPAGDESIYUNANG magsulat ng nobela minsang nasa coffee shop at muling nadalaw ng mga katanungang “Kung tatapusin ko ang Ph.D., ano ang isusulat ko sa panahon ng bird flu, terorismo, at palawak na divisyon ng mahihirap at mayayaman dala ng globalisasyon? Paano mas magiging makabuluhan bilang akademiko at manunulat?”

Pagkukuwento ang aking “energy field” at sinasabi ng mga iskolar at kritiko na nakakatulong sa “pag-aakda ng bansa” ang pagsusulat ng nobela. Gusto kong paniwalaan na nakaambag dito ang *Lumbay ng Dila* (C & E/DLSU, 2010). Sa wikang Filipino at sa tono na pagtatangka sa “literary blogging,” nakita ko ang potensiyal ng nobela sa hangarin kong maging pampublikong-intelektwal.

Makakalakad palabas ng ivory tower ng unibersidad ang nobela.

Nabasa ako, binabasa, babasahin, hindi lamang ng mga kapwa manunulat at estudyante, kundi ng mga kaibigan, kamag-anak, kababayan.

Sa pagsulputan ng mga social networking site, nakita ko rin ang maraming kabalintunaan, kontradiksiyon. Nasa panahon tayo na sumpa ng indibidwal ang patuloy na pagsusulat ng sarili sa limitadong espasyo na kanyang binabayaran sa iba't ibang porma ng komunikasyon na produkto ng kapital. Panahon rin ito na ang dikta ng kita ang siyang dominanteng nagdidisenyo sa lokal at nasyonal na mga komunidad bilang “customized cottages” na “locally produced” at “globally distributed.”

At ang unibersidad mismo, ang buong akademikong institusyon, sa mga programa nito sa panitikan at malikhaing pagsulat, ay isang pabrika. Isang produkto ang manunulat. Isang produkto ng manunulat ang nobela.

Isa pa. Gusto ko pang sumulat ng isa pang nobela. Baka, at bago pa, status update na lang at post shout ang aking mayari, malikha.

Multilinggualismo dahil ang bawat rehiyon ay bansa, ang bawat tao ay bansa ay kalibutan.

May isa akong naisulat na papel sa gradwadong paaralan: “Owning Hybridity: The Performative, Postcolonial Paramoedya Ananta Toer in *This Earth of Mankind*.” Nabanggit ko rito ang isa mismong sanaysay ng Indonesiong manunulat na ito na “My Apologies, in the Name of Experience.” Binatikos ni Toer ang tinatawag niyang kampung na kultura at sibilisasyon ng Java. Tinutuligsa niya ang mito ng kagalingan ng Java—na minsan man, hindi natalo ang mga ito—sa kanilang pakikipaglaban sa mga Dutch at Europeo. Ikinukuwento ito sa *wayang* at pinapalaganap sa Mahabharata, Ramayana, at Babad Tanah Jawi na para sa kanya mga akda ng “court poets” at kung gayon, mga alipin ng kapangyarihan.

Argumento ko sa papel na ito na kahanay ni Toer si Franz Fanon, ang rebolusyonaryong African at psychiatrist, sa kanyang konsepto ng nasyonalismo. Sa “On National Culture” sa *Wretched of the Earth*, diniskurso ni Fanon ang evolusyon ng rebolusyonaryong-intelektwal na mamamayan sa tinatawag niyang “national consciousness” na “which is not nationalism” at siyang pinaniniwalaan niyang “the only thing that will give us an international dimension.” Kasabay sa pagkilala ni Fanon sa kahalagahan ng nasyonalismo sa paggatong ng kontrakolonyal na pakikibaka, nagbabanta siya sa pag-usbong ng “national bourgeoisie” na sa proseso ng pagpapalawak at pagpapalakas ng kilos-nasyonalismo, pansariling interes at etnosentrismo ang maaari nito at tuluyang itatanghal.

Nakikita ko kina Toer at Fanon ang lapit ng aking poetika at politika kaugnay sa “pag-aakda ng bansa.” Higit pa dahil sumasang-ayon din ako kay J. Neil Garcia sa kanyang libro na *Postcolonialism and Filipino Poetics* sa kanyang kritisismo sa “katutubong kaakuhan”

nina Virgilio Almario at Gemino Abad at sa “pantayong pananaw” ni Zeus Salazar. Sa limitasyon ng mga pinag-aralang kritiko sa bansa, kumatig si Garcia sa posisyon ng Caribbean na kritikong si Stuart Hall sa paglalarawan nito ng postkolonyal na identidad bilang “split” sa aksis ng pagkaka-pareho at pagkakaiba, ng pagpapatuloy at pagbubuwag na kung saan ang identidad ay sabdyek sa patuloy na laro ng kasaysayan, kultura, at gahum. Becoming. Work-in-progress. Sa paglilimi ni Garcia, ito ay nangangahulugang pagtanggap sa “hybridity” ng identidad at buhay kung saan hindi dapat hinahanap ang “recovery” ng “glorious past” sa hangad nating madiskubre kung sino tayo.

Kinukumpira ni Fanon ang aking karanasan at reflexivity sa sarili kong edukasyon at evolusyon bilang manunulat. Tinatanguan ko, sa aking mga kontradiksiyon, ang argumento ni Garcia.

Ang nobelang Filipino, kaugnay sa kasaysayan bilang “sanaysay na may saysay,” ay ang pagtatanghal sa “noon” sa “ngayon”: sa mga sanhi at bunga; sa mga interbensyon at pagbabaklas; sa pag-alaala at paglimot. Ang paglikha ng kasalukuyang henerasyon sa sarili nitong mito: sa iba’t ibang wika sa bansa, sa pagiging bansa ng bawat rehiyon, at sa pagiging kalibutan ng bawat tao at bansa.

Kalibutan. Salitang Kinaray-a, Hiligaynon, at Sebuwano para sa mundo, daigdig, sanlibutan. Puna ng Lola ko noong bata tuwing pasaway ako o engot: “Ay, nga bata ’kaw, daw wara’t kalibutan” (“Ay, na bata ka, parang walang malay/walang alam.” O masasabi ring walang animo.) Ibig sabihin, para sa kamalayan ng mga Bisaya, ang kalibutan ay hindi lamang mundo/daigdig/sanlibutan na lumilibot sa aksis nito, o nalibot nina Magellan at Pigafetta tulad ng sinasabi ng mga teksbuk, kundi ang pagkakaroon ng wisyo, ng kamalayan, ng kaalaman tungkol dito, at kung gayon, ang paglibot dito at pag-angkin, na siyang dapat—ang moral na adhikain at pagsusumikap ng bawat indibidwal.

ANG KAMATAYON SA ISLA BORACAY

Nasulat ko sa Kinaray-a ang tinatangakang pangalawang nobela, ang *Kamatayon sa Isla Boracay*. Dumating ito sa akin sa Kinaray-a. Ito ang boses na aking naririnig, sa wikang ito ang daloy at ritmo ng mga salita sa aking isip. Isa na rin itong paglalakad palabas ng sarili sa mga kuwento ng komunidad na natatanghal dito, sa iba’t ibang boses at punto. Natagpuan ko ang sarili na sumusulat ng ganitong linya: “Gumaling na ako sa lumbay ng dila.” Sasabihin ito ng isang pangunahing tauhan, si Acay Amba, na nagpapakilalang 50% Ati (Aeta) at 50% Bisaya, na ang mga ninuno ay ilan sa mga sinaunang Ati ng isla Boracay.

Nadalaw ko ang komunidad ng mga Ati sa Boracay. Nagpabalik-balik ako simula 2010. Noon pa man, kilala ko ang mga Ati. Mga kalapit-baryo sila sa amin sa Antique. Baka isang Ati nga siguro ako, e. Nabanggit ko sila sa *Lumbay ng Dila* bilang mga ninuno. Ngayon, sila na mismo ang magiging mga bida.

Bakit kamatayan? Ang kanilang *kalibutan* dito, lalo na sa paglilibing. Lalo na nang madiskubre ko sa *Brujeras y los cuentos de fantasmas* ni Maria Pavon y Araguro ang tungkol sa pagpapabitay nila sa matandang kahoy na inyam at ang pagsalubong sa kanilang kaluluwa ng kanilang tinuturing na haring ibon.

Natuklasan ko rin mula sa sarili mismo, hanggang sa pakikipag-chat sa mga kaibigan at kakilala, na hindi lang stress ang inirereklamo at nararanasan ng karamihan, kundi pagkabagot. Ito ang nagpa-pop-out na icon sa utak ngunit hindi mapangalanan kung minsan. Marahil kapatid ng stress, depresyon, lungkot dahil sa fastfood, fast love, at marami pang uri ng pag-customize sa buhay at pagkatao sa siyudad.

Boredom: gusto rin kitang makilala pa, mabigyan ng lasa, ng amoy, ng kulay, ng galaw.

PAKIKIPAG-USAP SA IBANG SANGA NG KAALAMAN

Marahil dahil noong bata, Science naman talaga ang paborito ko na sabdyek. Siguro dahil mahilig akong manood ng *Travel Living*, *Animal Planet*, *National Geographic*; siguro dahil nabasa ko si Richard Dawkins at nagustuhan at hinalungkat na rin sina Charles Darwin at Stephen Hawking, siguro dahil gusto ko ang mga librong ito: *The Hopes of Snakes & Other Tales from the Urban Landscape* ni Lisa Couturier, *Dreaming Souls: Sleep, Dreams, and the Evolution of the Conscious Mind* at *The Problem of the Soul: Two Visions of Mind and How To Reconcile Them* ni Owen Flanagan, *The Botany of Desire* ni Michael Pollan, *The Astonishing Hypothesis* ni Francis Crick, lalo na ang *Unweaving the Rainbow: Science, Delusion and the Appetite for Wonder* ni Richard Dawkins, at marami pang iba.

Nakita ko sa mga librong ito ang tinatawag na “the society of mind” ng humanidades at ng siyensiya. Kaya sa level ng teorya, nakalagpas na rin ako sa isyu ng “hard science” laban sa “soft science,” at di ko maintindihan kung bakit kailangan silang ihiwalay o paglabanin, maliban na lamang sa pagiging sakim ng tao.

Ang *Kamatayon sa Isla Boracay* ang ninanais kong bersyon ng aking “human ecology.” Lumalakas sa aking isipan, lumilinaw, hindi lamang ang pagbanggit at pagsalarawan ng mga bulaklak, halaman, puno, ibon, hayop, bato—higit sa lahat, ang pag-evoke sa kanilang partikular na katangian, lalo na ang pagkakatatulad at kaibahan nito sa tao.

Naniniwala ako sa creative visualization, at sa pagsunod sa kutob. Dumating sa akin, mga biyaya ng mga kaibigan, ang ganitong mga libro: *Forest Faces: Hopes and Regrets in Philippine Forestry* na inilimbag ng Food and Agriculture Organization of the United Nations (FAO) Regional Office for Asia and the Pacific at ng Environmental Science for Social Change (ESSC) noong 2008. Noong 2004, inilimbag din ng UNESCO ang *Handbook of Mangroves in the Philippines – Panay*, at nitong 2008, ng UP Press ang *Compendium of the Economically Important Seashells in Panay*, Philippines ni Liberato

Laureta ng UPV-Miag-ao. Napasakamay ko rin mula mismo kay Dr. Christine Muyco ang kanyang pag-aaral sa sayaw na binanog ng Sulod-Bukidnon ng Panay, sa porma ng documentary film, ang *Ga Sibod Dai-a!*

Mahalaga sa akin ang mga librong ito at proyekto dahil naisulat nila ito, naparating ang kaalaman, sa isang malikhaing pamamaraan. Apirmasyon ng naisip kong pakikipagkapwa sa ibang larangan. Tuwang-tuwa ako.

“Baka magiging cultural dictionary ng Panay flora at fauna ang nobela mo?” sabi ng kritiko sa aking isip. Agam-agam din ito ng makatang si Jerry Gracio nang isinusulat niya ang *Aves*. Hindi ako nag-iisa. Nagawa niya, magagawa ko rin. Isusulat ko ang mga ito: *ang katahimikan ng bato, ang paghihintay ng orkidyas sa perpektong pollinator, ang pasensiya ng ipis at ang sinasabing pagiging mapagmahal nitong ina, ang mga bulaklak at dahon ng bakawan na nagpapagaling ng sugat at sakit. Ang amoy at kulay ng gubat at dagat.*

ANG KALIBUTAN, SA DULO NG MGA DALIRI: MALIKHAING PROSESO

Paghahanda. Nara(r)anasan ko ito at nai(i)ntindihan bilang ang pag-iisip bilang trabaho, ang pag-e-emote bilang bisyo.

At ang pagsisimula bilang pinakamahirap na bahagi.

At ang pagsusulat mismo bilang paglulublob, pamamahinga, at pagtatapos.

Nagpapakatotoo ako: kung ano ang pitik ng isip, boses ng isip, siyang patik-patik ng mga daliri sa keyboard. “Show, don’t tell” oo, gayundin ang pasalaysay sa boses ng mga babaylan at binukot at ng mga matatandang kuwento ng Asya.

May napatunayan ako sa pamamahinga. Kaya hindi na ako nababahala o nagi-guilty sakaling natatagpuan ang sariling nakatunganga.

Sa *The Myths of Innovation*, tinutuligsa ni Scott Berkun ang pagsawalang bahala sa halos dalawampung taon na pag-aaral ni Isaac Newton ng matematika sa Cambridge bago niya madiskubre ang law of gravity. Para kay Berkun, nararapat itong ituring na kontribusyon ni Newton, hindi tuklas. Dahil nalaman na at nagawa ito ng mga taga-Ehipto sa kanilang piramid at ng mga Romano sa kanilang koliseyum. Sinasalungguhitan din niya ang realidad ng maraming oras na inilaan ni Archimedes sa paghahanap ng sagot sa iniutos ng hari: ang pag-alam kung ang regalo ay likha sa purong ginto o hindi. Kaya sa araw na iyon ng paliligo, sa kanyang pag-oberba sa lawak ng tubig pagpasok sa banyo, namalas niya ang paraan sa pagsagot sa problema: sa pag-alam sa volyum at bigat ng bagay, makokompyut niya ang densidad nito. Kaya ang pagtatakbo niya sa kalsada na nakahubad, nagsusumigaw na “Eureka!” (I have found it!)

Pinapatibay ni Berkun ang argumento ni Ayn Rand sa “Writing and the Subconscious” tungkol sa papel ng “subconscious” sa proseso ng paglikha kapwa sa sining at siyensiya. Walang misteryo: ang mistikal na elemento na niro-romanticize

ng mga manunulat at artist—ang Musa, ang “Divine Inspiration,”—ay produkto ng kaalaman at karanasan sa panahon na namamalas-danas sa pamamahinga.

Panahon ng pagpapahinog ang tinatawag na procrastination na ginagamot ng modernong sikolohiya, sa bentaha ng kapitalista, sa pagkakasakit ng manggagawa (stress, cancer) sa patuloy na lumalawak at umiigting na kompetisyon sa market.

Napakahalaga ng revisyon: ang pakikinig sa inner critic at paggalang-tiwala sa mambabasa. Mapalad ako sa aking pamilya, sila ang aking unang tagabasa. Mapalad din ako sa pagkakaroon ng mga girlfriends sa loob at labas ng bansa na kahit nasa ibang larangan, mahilig magbasa. Sa pamamagitan ng email at Notes sa Facebook, naipapadala ko sa kanila ang draft para sa kanilang puna. Sa mga postings ko rin sa Facebook, lalo na sa Kinaray-a, mabilis akong nakakakuha ng sagot mula sa mga kababayan—manunulat man o hindi—sa iba’t ibang sulok ng bansa at mundo. Nostalgia sa wika, lalo na sa mga salitang nariyan pa rin sa dila ngunit minsan, hindi na maibigkas, at ngayon, sa Kamatayon sa Isla Boracay, ano at dumadaloy—isang musika!

Wish ko lang maisalin ko ito, mailapat din sa Filipino.

Oras, oras. Kung aabutin man ng maraming taon bago lumabas ang bersyon sa Filipino, ang pagsusulat ay isang disiplina’t trabaho.

At, dahil, ang pagtatapos ay isang magpakailanman.

Sinasabi ko sa inyo: alam ko na, nakikita ko na ang katapusan ng *Kamatayon sa Isla Boracay*. Sasabihin ko na sa inyo: magpapatayo si Acay Amba ng bagong negosyo. Hindi ko pa sigurado kung isang bahay kubo, isang hardin, isang lawa, isang kailaliman ng mundo, ngunit ang alam ko, mula sa pagiging manugsugidanun, tagapagkuwento, magiging isa siyang manugpamati o tagapakinig. Naririnig ko na ang ganitong bulong ng isip: Hindi nakikinig ang tao dahil magulo ang kanyang isip. Kung hindi man magulo, blangko, kaya nababagot, naghahanap. Matututo lamang ang taong makinig kapag nakapagkuwento na siya.

Ano ang nangyayari sa katahimikan? Sa pagitan ng pag-iisip at pagbibigkas?

Hindi paglisan ang napakahirap gawin, o ang paglimot, kundi ang pananahimik. Ikuwento mo kay Acay Amba ang iyong lungkot, ang iyong kasalanan, at makikinig lamang siya.

Parang pagtatapos ng jigsaw puzzle ang pagtatapos ng nobela: nagiging makabuluhan lamang ang mga nadagdag na detalye dahil sa mga nauna nang naiposisyon. Sinusulat ko pa lamang itong nobela, sa Kinaray-a, at isinasalin, isasalin sa Filipino. Hindi ko pa alam talaga kung papaano ito tatapusin, magtatapos.

Ito, higit sa lahat, ang pangontra sa pagkabagot—ang pagpapabitay sa matandang kahoy na inyam para madagit ng haring ibon ang kaluluwa at madala malapit sa araw, sa kalawakan—sa muling pagkabuhay. Imortalidad

BAGO AT EKSPERIMENTAL NA SUGILANON: ISANG PAGMUMUNI-MUNI SA SARILING ESTETIKA

JOHN BARRIOS

FELLOW PARA SA KUWENTO, 5¹ST UPNWW

PRODUKTO AKO NG mga workshop ng manunulat na si Dr. Leoncio Deriada. Ang una kong koleksiyon ng sugilanon (anim lahat) na isinulat sa ilalim ng grant ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas ay makapagpatotoo nito. Kumpleto. Buo ang ang mga sugilanon. May umpisa. May katapusan. May klarong konflik. Realistiko ang mga karakter. May elaborasyon. Linyar at lohikal ang pagkakasulat.

Pero pagkadiskubre ko ng mga bago at eksperimental na mga sugilanon, na karamihan ay nabasa ko sa mga mapanghamong antolohiya at nakita ko sa mga pelikula, sinubukan ko itong gawin sa pagsulat ng sugilanon. Ang unang naging resulta ay ang sinulat kong “Txm8rs” na nilathala ng Ateneo de Manila University Press sa koleksiyon na *Kuwentong Siyudad* (2002). Kuwento ng tatlong magkaibigan na may iba-ibang gender—dalawang streyt at isang tibo. Ito ay kuwento sa loob ng isang kuwento sa loob pa ng isang kuwento. Tatlong lebel na kuwento. At walang puno, walang dulo. Sa sulat sa intro ng libro ay ganito ang isang pagbasa:

“Sa ‘Txm8rs’ ni John Barrios, sa isang modernong panahon at tulad ng marami ngayon, nahuhumaling ang tatlong magkakaibigang Estela, Michelle, at Frances sa texting na tila ba ang isang buong araw ay umiinog na lang sa pagpindot ng cellular phone. Lalo silang naiintriga sa taong nagpapadala ng mga green joke kay Estela na siya pa namang pinakakonserbatibo sa barkada. Hanggang sa ang mga biro ay pinaglaruan ng sandali, at magbaliktad ang pantasya sa realidad; ang kuwento ng isipan ay maging salaysay ng katotohanan; ang laman ay tuyain ang kabanalan.” (11)

Sa aking paningin, parehong mulat ang porma at laman ng sugilanon.

Wala pang nakakapagkuwento ng ganito mula sa aking rehiyon.

Ang tema ay nasa diskurso na ng bago—gender, mito, kulturang popular, at teknolohiya. Suportado ito ng klasifikasyon ni Raymond Williams bilang isang umuusbong (emerging) na literatura kung saan itong klase ng kuwento “ang nagbabadyang bago, direktang supling at papaslang sa namamayaning kaayusan; sa panitikan, ito ang panitikang. . . teknolohikal at kulturang popular; ito rin ang kumukontra sa namamayaning kalakaran sa pagsulat. . .” (Tolentino 2001, 116).

Ang kuwentong “Relasyon” (nalathala sa *Laglag-panty*, *Laglag-brief* ng Anvil Publishing Inc. 2010) ay pangalawa kong sinulat sa bago at eksperimental na porma. Ginamit ko ang pamagat para magtukoy ng literal na relasyon ng dalawang tao, relasyon ng mga karakter sa tatlong espasyo na kanilang inako sa mall, at relasyon ng tatlong episode ng sugilanon. Hindi buo ang kuwento—ito ay binubuo ng tatlong kuwento na may koneksiyon sa isa’t isa. Ang *absent* na lalaki sa dalawang naunang episode ng kuwento ay siyang “tumohog” ng kuwento nilang tatlo—literally at literarily. Diskursibo rin ang paggamit ng mall bilang tagpuan. Dito nadidiskas ang laro ng class (uri)—mayaman (o maykaya) at pobre (walang kakayahan). Hayagan itong ipinapagpasabi sa isang karakter, na hiniram lang naman sa kanyang propesor, na hiniram din ng awtor sa isa pang awtor:

At naalala niya na hindi siya dapat tumayo rito. Sabi ng prop niya sa Philo, ang mga taong nakatayo rito ay yaong mga walang pera o di kaya’y yaong mga mahihirap. Kahit na malungkot ay bahagya siyang napangiti. Hindi niya masabi kung nasaan siya sa dalawa. Ang mal daw kasi ay hindi itinayo bilang pamilihan lamang kundi parang isang mundo. Isang ilusyon ng mundo. Kaya kahit mahihirap ay may lugar dito. Isa sa mga lugar na binanggit ng kanyang prop ay ang kanyang kinatatayuan. Kahit kasi walang pera ay nagkakaroon ng kapangyarihan sa pagkakatatayo lang sa kanyang kinatatayuan dahil ginagawa nilang mga subject ang mga nakikita sa ibaba. Inaangkin nila ang mga artista at singer na umaawit sa temporaryong stage sa ibaba. Ito daw ang hindi nakikitang rason kung bakit puwedeng mag-cnrt sa isang mal kahit na maliit ang lugar at kakaunti lamang ang makakakita ng maayos. Ito ay dahil sa ang mga pangyayari tulad ng cnrt ay isang “idea” lamang. Hindi masyadong mahalaga ang panonood ngunit ang “idea” na ang isang tao ay Manonood. Ito raw ay ekstensiyon lamang ng ipinatayong arena ng mga Romano kung saan nililibang ang mga mata ng taumbayan hanggang sa makalimutan nila ang kanilang tunay na katayuan. Ang bilog at makapal na salamin naman sa itaas kung saan tumatagos ang liwanag ng araw ay ginaya sa estruktura ng altar ng simbahan kung saan ang liwanag na tumatagos ay nagkakaroon ng mistikal at mitikal na kahulugan. Ang liwanag na

ito ay hindi iba sa mga liwanag na iginuguhit sa pagsasalarawan kay Kristo sa Bibliya. Sa madaling salita, nagkakaroon ng bendisyon ng simbahan ang mga nangyayaring cnrct sa gitnang bahaging ito ng mal. Tama marahil ang kanyang prop dahil halos karaniwang humahawak sa pabilog na bakal ay mukhang mga walang pera. Halos lahat din ay nakatingin sa ibaba.

Ang pagpili ng pangalan ay ibinase sa popular na kanta na *Si Aida, si Lorna, o si Fe*, isang masokista at tsobinistang awit na nakapaloob sa patriyarkal na konstruksiyon ng pagkalalaki/pagkababae. Dala ang tatlong representasyon ng babae: tulog, gising, at mulat. Ayon kay Isagani Cruz, ang *tulog* na teksto ay teksto na hindi naimpluwensiyahan ng bagong kaalaman. Ang *gising* ay may alam pero walang ginagawa. Ang *mulat* ay teksto na nag-aaspirar na baguhin ang status quo.

Sa *tulog* na representasyon, ipinakita kung paano nalinlang ang isang katulong ng nagpakilalang kaponpal na si Richard.

Isang lalaki na nakapolo ng kulay asul at nagtatanong kung puwedeng maupo sa kanyang harapan. Luminga-linga siya at nakita niyang halos punuan na ang pinakailalim na bahaging ito ng mall. Marami ang kumakain at kakain pa. Napasagot siya ng “oo.” Inilapag ng lalaki ang tray at inilipat ang pinggan, platito, at bote ng coke sa mesa. Tinanong siya ng lalaki kung may hinihintay ba siya. Sinabi niya ang totoo. Napangiti ang lalaki at nagsimulang humigop ng sabaw. Katulad din siya ng iba, sa isip-isip niya. Hindi naman mahirap gawin na hindi tumunog ang paghigop ng sabaw. Natutuhan niya ito kaagad sa unang araw niya sa bahay ng kanyang amo. Napatingin sa kanyang relo ang lalaki. Baka hindi na darating ’yon, sabi nito. Pinagtakhan niya kung bakit sinabi ng ng lalaking kaharap ’yon. Matagal ka na bang naghihintay, tanong ulit nito. Sinabi niya ang totoo. Napangiti ulit ang lalaki. Bago ka ba rito sa Iloilo, tanong ulit ng lalaki. Sinabi niya rin ang totoo. Napangiti ulit ang lalaki. Parang hindi na niya gusto ang nangyayari. Sa kanyang isip, walang karapatang makipag-usap ang kanyang kaharap sa kanya. Hindi niya ito kilala at kahit medyo may kaguwapuhan at kakisigan ay hindi siya rito interesado. Hinahanap niya ang hugis ng bibig at mukha ng kanyang kaponpal. Sa tatlong buwan na pakikipag-usap niya kay Richard sa telepono ay naiguhit na niya sa kanyang isipan ang mukha nito—ang korte ng bibig, ang taas ng ilong, kulay ng mata, at kahit na ang amoy nito! Mag-iisang oras na ang kanyang paghihintay at wala pa ring dumarating na lalaking nakapolo ng pula. Nakangiting nagpaalam sa kanya ang lalaking nakapolo ng asul. . .

Sa kaso ni Lorna, ang *gising* na babae ay manipeestado sa kanyang gawain bilang liberal at may kalayaang gawin ang anumang gustong gawin sa kanyang katawan. Freelance prosti siya at kaya niyang ma-rasyunalays ang kanyang ginagawa. Isa siyang babae na may “fixation” sa ari ng lalaki. “Dick” ang tawag niya sa kanyang nobyo at

ang pangalang ito ay sina-substitute pa niya sa kanyang paboritong gadget na selpon. Si Dick at ang kanyang selpon ay iisa lang para sa kanya. Isang representasyon.

Mag 3 mths din marahil ang pagiging txtm8t nila hanggang sa yayain siya ni Rick na mg-eb sila sa Sm Ct. Ang gabi't araw na pagpapadala at pagtanggap ng iba't ibang txt msgs ay higit pang nagpaalab ng kanyang damdamin. Minsa'y naikuwento niya sa isang kaibigan kung paano niya ginawa ang pagmas2rb8t habang binabasa ang mga grn jks na pinapadala ni Rick. Naulit pa nga raw 'yon ng ilang beses. At sa panahong hindi si Rick nakikipagkita sa kanya ay ang cp na lang ang ginagamit niyang pamalit sa pns ni Rick. Pinapa-vbr8t niya raw ito sa ilalim ng kanyang pnty. Kahit ganoon lang nilalabasan na siya.

Mulat na pagkababae ang representasyon ni Fe. Kaya niyang mamuhay kahit walang lalaki. Isang beses na siyang naloko ng lalaki kung saan ay halos napapaniwala niya ang kanyang sarili na lalaki lang talaga ang makakapagbibigay sa kanya ng kaligayahan. Kaya lang, sa pagkakahuli sa kanila ng guwardiya na nagtsutsupaan sa loob ng sinehan ay muli siyang namulat at nagdesisyonang ibalik ang dating kinonstrak na pagkababae.

Sa loob ng CR ay muli niyang hinarap ang kanyang sarili sa salamin. Parang hindi niya ito matitigan. Ang kanyang refleksiyon ay hindi gumagalaw ngunit ang mga mata nito ay matalim na nakatitig sa kanya. Matagal niyang tinalikuran ang kanyang refleksiyon. Hanggang sa makapagdesisyon siyang kunin ang lipstick sa bag at harapin ang refleksiyon. Kahit masakit ang titig ng refleksiyon ay sinikap niyang titigan din ang mga mata nito habang nilalagyan ng pulang lipstick ang kanyang mga labi. Muling gumalaw ang refleksiyon at naging siya uli. Malaki ang kanyang ipinagtataka kung bakit ganoon ang nangyari. Naisip niya na marahil ay namamalikmata lang siya. Sinuri niyang muli ang kanyang refleksiyon. Namumula ang bibig nito sa bagong lagay na lipstick. Napangiti ang refleksiyon sa kanya. Salamat, sabi niya rito. Sa kanyang paglabas sa CR ay inumpisahan nang kainin ng mga kanibal na babae ang mga bihag na lalaki. Nandiri siya sa nakita. Pagkaupo nang pagkaupo ay agad niyang sinabi sa nobyo na uuwi na ito. Walang nagawa si Dick. Paglabas ng sinehan ay muli niyang nakita ang mga bituin ng gabi. Napangiti siya. Alam niyang niloloko lamang siya ng mga ito. Alam na niya ngayon na hindi totoo ang gabi sa loob ng sinehan. Sa isip niya, mamaya ay matutulog na naman siyang nakahubad at hindi nakasara ang bintana. Magiging maligaya siya kahit wala na namang lalaki sa kanyang buhay.

Ginamit din sa sugilanon ang diskurso ng teknolohiya, ang ginawa nitong eksploitasyon sa pisikal at virtual na relasyon. Sa kaso ng isang katulong, ang

paggamit ng telepono ay nagresulta sa isang realidad na kung saan ang isang hindi totoo ay nagiging mas totoo pa. Pareho rin sa kaso ng estudyante na ang identifikasyon ng selpon ay nailagay sa pagkalalaki (sa ari) ng kanyang nobyo. Dito nagiging totoo ang konsepto ni Charles Baudrillard na “simulacra.” Sa elaborasyon ni Raul Pertierra:

In a world of virtual realities, almost anything is possible. It is no wonder then that projections of personae and identities have become major features of these technologies. . . playfulness is a common mode of being in such a world. . . Trickster, sorcerers, seducers and other peddlers of multiple identities are among its most frequent characters. It is a true world of simulacra” (2002,11).

At ito ang katauhang inilantad ni Ritsard/Dick/Rick sa telepono at selpon. Ganoon din si Aida (telepono) at si Lorna (selpon). Ang wala sa dalawang babaeng ito ay nasa kay Fe. Naka-eb (aybol) niya ang lalaki. Masasabing ang “eyeball” ay kontra-diskurso ng virtual na realidad. Sa ganitong sitwasyon nawala na ang konsepto ng “paglalaro lang” (“playfulness”). Angpumalit ay ang “pagkonsumo” (“consummation”) ng pisikal na realidad.

Sa kabilang banda, ang kuwentong *Ending* (kasma sa koleksiyong *Engkant(aw)* at *iba pang Maikling Kuwento*, Igbaong Press 2009) ay isang eksperimentasyon sa perspektiba ng mambabasa. Pinapapili ang mambabasa ng katapusan ng sugilanon base sa tatlong posibilidad na ipinipresenta ng teksto:

1. Kung panalo ay ganito ang mangyayari.
2. Kung talo ay ganito ang mangyayari.
3. Sa pagitan ng panalo at pagkatalo.

Ang ganitong uri ng teksto ng sugilanon ay matatawag na “writerly text” (terminolohiya ni Roland Barthes) dahil ang sugilanon ay may pagkainteraktibo—nangangailangan ng partisipasyon ng mambabasa sa pagpili ng ending ng sugilanon. Sa tatlong posibilidad ng sugilanon may posibilidad naman na ang mambabasa ay may mapipili. Kung ano ang kanyang pipiliin, iyon ang kanyang sugilanon.

Ayon kay Soledad Reyes, ang mambabasa ay aktibo at dinamiko na nag-iinter-ak sa teksto. “Sa pagbasa ng isang tao sa mga salita sa pahina, marami-rami na siyang naunang nabasa na siyang magbibigay-hugis sa kasalukuyan niyang pakikipagtunggali sa mga salita” (1997, 21). Dagdag pa niya na “malinaw na kumikilos ang kanyang isipan upang balikan ang mga nakaraang kaisipan, upang

hanguin ang nakabaong mga imahen o emosyong nalikha/naantig sa pagbabasa ng naunang mga akda” (21–22).

Ang tanong, paano siya pipili? Dito na papasok ang diskursibong pagbasa at paghalungkat ng pag-iisip ng mambabasa. At sa ganitong proseso mapapalitaw ang ideolohiya na kanyang kinasasandigan.

Diskurso ng pagkababae ang nakabalot sa teksto. Kung bubuksan siguro ay ganito ang mababasa: Sa unang posibilidad ay makita ang klase ng babae na “lahat gagawin para sa bana.” Mahinang klaseng babae. Pareho rin sa ikalawang posibilidad. Iprenisenta ito sa dalawang ending:

Ending 1:

Pagkatapos inumin ni Guido ang tubig ay tumayo ito at hinawakan sa kanang kamay si Ima. At niyaya niya si Ima papasok sa nakurtinahan nilang kuwarto.

Doon lamang nalaman ni Ima ang kahulugan ng kanyang pagiging totoong asawa.

Ito ang kuwento ni Ima noong nanalo siya sa ending.

Ending 2:

Tumayo si Guido at lumapit sa kanya. Umatras siya at napahinto sa tabi ng pintuan pakusina. Nakita ni Guido ang mga bukas at walang lamang kaldero. Doon naintindihan ni Guido na wala na naman siyang makakain.

“Belaaat i nanang. . .” palingo-lingong sabi ni Guido kasabay ng paghablot ng buhok ni Ima. Napasigaw si Ima. Hinila siya ni Guido sa loob ng kuwarto.

At matapos na maubos ang galit ni Guido nalaman ni Ima ang kahulugan ng kanyang pagiging totoong asawa.

Ito ang kuwento ni Ima noong siya’y matalo sa ending. Kilala rin sa iba sa pangalang Santisima.

Pero sa ikatlong posibilidad ay makikita natin ang transpormasyon ng mahina papunta sa malakas na babae dahil napagdesisyonan ng tauhang patayin ang kanyang bana. Simbolikal na pagkapanalo ang pagpapakita ng pagpatay. Pero ano ang kanyang tinumba sa ginawang pagpatay sa kanyang bana? Tinumba niya ang ideological state apparatuses (termino ni Antonio Gramsci) na responsable sa pagkonstrak at pagposisyon ng kanyang identidad. Tinumba niya ang estado (institusyon ng batas) at ang simbahan (relihiyon) na absolute ang idea sa pag-asawa at pagpatay. Subersibo ang teksto ng pangatlong posibilidad at medyo may intensiyong guluhin ang status quo. Ganito ang karaniwang nangyayari sa postmodernong teksto. Sa bandang huli,

mananalò pa rin sa sugilanon ang dominante at hegemonikong ideolohiya at grupo. Kaya't si Ima ay ganito ang kahahantungan:

Sa pagbukas ng mata ng araw ay nakita na lang ni Ima ang asawang nakahiga sa sahig. May bula sa bibig. Hindi na gumagalaw. Napangiti si Ima. Napasigaw siya. Napasayaw siya. At ngayon ay makikita na namin si Ima na aming dating labandera na walang tigil na tumatakbo sa kalsada ng barangay.

Ito ang posibleng maging kuwento ni Ima habang hindi pa natatapos ang laro ng PBA at hindi pa natin alam kung anong numero ang lalabas sa ending.

Sa huli, ang mambabasa pa rin ang magdidikta kung ano ang “ending” ng sugilanon.

Ang bago at eksperimental na sugilanon at pag-sugilanon ay isang paraan para hindi magapos sa nakasanayang dominanteng pananaw sa literatura. Kahit sabihin pa nating magulo, at gulo lang ang posibleng maging resulta; ang punto na may kumukontra sa dominanteng porma ng literatura ay importante para mapanatili ang saya at buhay ng ating literatura. Sulat nga ni Tolentino:

Ang bago ay yaong kabaligtaran at hindi lamang kabaligtaran ng luma. Ang bago ay iniluwal mismo ng kalakaran ng luma. . . walang nalilikha na bago mula sa bula. Ang bago ay nililina ng isang mahabang experimentasyong makapagluwal ng hindi bago pero makabago. Ang makabago ay may stake na baguhin ang luma, hindi lamang magpresenta bilang katumbas ng luma. Samakatwid, ang bago ay may hangaring mabago ang luma sa pagtataya sa bagong karanasang sumasambulat at namamayani sa kasalukuyan” (1999, 1).

Ilan na rin ang aking naisulat na matatawag na bago at eksperimental na sugilanon. Ang mga sugilanong ito ay inaasahan kong magbibigay-definisyon sa aking istilo at adbokasiya sa pagsulat ng sugilanon alinsabay ang kritikal na pagbasa ng ating mga komunidad—rehiyonal man o nasyonal, tumutuligsa man sa mga kultural na diskurso o nagpapakita ng bagong pananaw sa panitikan.

Ang aking pagsandig sa kultura bilang basehan sa pagsasadiskurso ng uri, lahi, at seksuwalidad, kasama ang pananalig sa estetiko ng bago at eksperimental, ay isang proyekto na naghihintay ng kaganapan at katuturan sa parehong pangrehiyon at pambansang lunan na aking kinasasakupan.

Ano pa ang rason ng aking pagsusulat kung hindi ko haharapin ang realidad ng kasalukuyan kong henerasyon. Importante na masabi kong hindi ako lumalayo sa pang-araw-araw na karanasan ng aking mga mambabasa. Nagsusulat ako tungkol sa kanilang celpon, internet, sunod-sa-usong damit, at iba pang gawain na nagbibigay-kahulugan sa kanilang pagiging bago sa aking paningin.

MGA SINANGGUNI

- Pertierra, Raul. 2002. *TXT-ING SELVES: Cellphones and Philippine Modernity*. Manila: De La Salle University Press Inc.
- Reyes, Soledad S. 1997 *Pagbasa ng Panitikan at Kulturang Popular: Piling Sanaysay, 1976-1996*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Tolentino, Rolando B. 1999. "Ang Bago at Experimental sa Kasalukuyang Kabataang Panitikan." Papel na binasa sa taunang kumperensiya ng NCCA Committee on Literary Arts, Vigan, 28-30 Enero.
- Tolentino, Rolando B. 2001. *Sa Loob at Labas ng Mall Kong Sawi / Kaliluha'y Siyang Nangyayaring Hari: Ang Pagkatuto at Pagtatanghal ng Kulturang Popular*. Quezon City: University of the Philippines Press.

WRITING WHILE I STILL CAN, WRITING BECAUSE I MUST

VICTORETTE JOY Z. CAMPILAN

FELLOW FOR FICTION, 57TH UPNWW

IT'S DIFFICULT TO live nowadays in a country such as this and not be compelled to write, if only to meditate upon the tragic course we are heading as a nation. A few years back, after winning a Palanca for my first novel, I thought that I could probably retire. *All My Lonely Islands* felt like the greatest and (possibly) sole work of my life, regardless of whether readers feel the same or not. As someone who had resisted the Call of the Write for nearly her entire life out of cowardice and overthinking, I feel that the most courageous feat that I will ever do in this life and beyond had to be writing that book, and exposing the overwrought innards of my soul. And if Arundhati Roy can release a second novel after twenty years and Harper Lee after half a century, I didn't see the particular need to hurry.

Until this year. Until today. Until this moment.

There is an urgency to write nowadays, while I still can, while it's still legal and within my rights. One day, I just sat in front of my computer and started typing without any particular direction or mandate, just with that harrowing sense of time running out. By the end of six months, I had a partial manuscript, and it is not what I had expected. I thought I was going to tackle the "war on drugs" in a very combative manner, befitting the rage and helplessness I feel on a daily basis. But what came out, as I should have expected from myself, is a meditation on an alternate reality. *This Is What I'll Remember* is shaping up as a reimagination of what the war would look like if we were an affluent nation and if we had won that war through scientific violence.

Contrary to all the blood and gore that I was anticipating, this manuscript had decided to zoom in on the aftermath of such a world, where addiction and violence had been weeded out from the gene pool but at great cost. In my mind, I saw the desolation of a country that thought it could win the war it had waged on its own humanity, and utterly failing. The story further zooms into the lives of two cousins living in this fallen reality, one a genetically edited “Construct,” and the other an accursed “Natural.” I should have known my story is going to be as intimate as this, because that’s the kind of stories I like reading and writing best, like a detective looking for clues under the microscope, scanning all the little particles and seeing what secrets they are willing to give up.

Character-centric stories resonate with me the most, because it always feels as if the characters are representing the entire world even in the confines of their personal struggles and triumphs. In hindsight, I realize that I had been heavily influenced by Kazuo Ishiguro’s *Never Let Me Go*, although I had read it ages ago. And yet, the power of that novel stayed with me, not because of the harrowing science behind that world, but because the novel illustrated the slow erosion of hope through the lives of three clones. And in the end, the novel wasn’t even science fiction; it was a meditation on what it’s like to barely survive life.

Whenever I embark on a new writing project, I always try to set a vision for that project, which goes beyond brainstorming about the premise and characters. I try to establish early on what I want my novel to be and what I don’t want it to be. For this manuscript, I want to combine alternate history with psychological thriller and the good old ghost story. The tone and mood I’m aiming for is a mixture of the conflicted soul of *Never Let Me Go*, and the quiet dread of the *Turn of the Screw*. Most of all, I want something that will make readers think about our current situation as a nation. I want this manuscript to serve as a warning. What I don’t want is for people to read this novel and shrug it off as just another story. I’ve always thought that we need writers not primarily for entertainment, but for survival. When we are on the brink of losing our humanity is when we need our writers the most. We need to save each other.

Even now, while writing this, I feel the old anxiety that came with finally heeding the call to write years ago. I remember those first semesters in the MFA, when I was a late bloomer in the literary scene, an utter newbie sitting in class, getting lost in the sea of literary theories and heritage, and wondering how I could ever write something from all of that. The answer wasn’t really as complicated as I thought it would be. It had to start from a story that demanded from me to be written, a story that I had known all my life although it took years and years for me to recognize it.

There was already the seed, what I just really needed was the patience to tend to it, and the faith that it would grow.

When I wrote *All My Lonely Islands*, it was coming from thirty-one years of existence, four of them as a third-culture kid (TCK) in Bangladesh. At that time, I felt that there weren't enough stories to represent the disruption of identity that TCKs experience whenever they move from one country to the next. Most people look at TCKs and just see the good side such as exposure to different cultures and languages, constant travels, living the "expat" life, but what they don't see are the challenges; the struggles of being uprooted from everything these children had ever known, the fractured sense of Self and belongingness. That was the side of the story that I had the unique position to tell; it was the story that I felt could help represent all the thousands of TCKs out there looking for empathy or some semblance of stability or home.

When I returned to the Philippines for university, I felt as if the Philippines I knew had long been gone. I didn't understand most of the pop culture jokes and lingo, I wasn't aware about most of the country's issues. During that period of alienation, I found solace in Philippine literature. I remember finally reading *Noli Me Tangere* in the Filipiniana section of the UP library, in a dark corner, away from the table of students who were quietly giggling and bickering over group work. I realized then that what I was reading was an important period of my history as a Filipino, and therefore in the process I was getting to know myself all over again. That's when I realized that literature has the power to save a life.

That opportunity to represent and give voice is the privilege that comes with writing. It is why I do it in spite of the sleepless nights, the constant self-doubt that never goes away even when one has been published (or gets a national literary award), and the uncertainty of writing as a career. I've always known that writing is not for the faint of heart or for the halfhearted, so here I am again, attempting bravery just once more, realizing that if I have the capacity to write just once more, maybe it will change someone's life. Somehow, I never thought I was capable of writing an alternate history, let alone speculative fiction. I never thought I was going to ever be inspired to do so or tackle a national issue that doesn't seem to have an end and is beyond all my comprehension. I never thought I was ever going to be political, because politics had always left such a bitter taste in my mouth. It is an arena of the human existence that I had always detested, mostly because it is the same predictable story of power corrupting the soul. Yet here I am speculating about it, fermenting an idea in my head, writing a work-in-progress that is simmering with quiet rage and hopelessness. A confession; I only felt marginally

better after writing this story thus far. Nevertheless, I plan to persist and follow this trail, and maybe at the end of it, I will regain hope, too. Maybe this time, I can even save myself.

Just last week, I finished reading *1984*. I've always wanted to read that book but didn't feel the urgency to do so. Now, it seems like the most relevant book ever written by anyone. It's terrifying mostly because it proves the sheer foresight of writers and the great danger of bringing that future to life with something as potent as words. People tend to dismiss words as mere bluster. For politicians, perhaps. For writers, it's almost like dark magic. We are prophets, regardless of how much we are willing to accept that fate. For the present, we are sometimes misunderstood as troublemakers and warmongers, harbringers of doom. People might laugh at us in the wilderness, until the time comes when they don't.

ON THIS NEW

SHANE CARREON

FELLOW FOR POETRY, 52ND UPNWW

As though light broke us apart.
As though light came with the rubble of words,
though we die among the husks of remembering.
— Ruth Stone, *Genesis*¹

the city of starched memory—
but the anxiety that drives wanderers,
and turns the wheels of bicycles, mills, and clocks,
won't leave me, it remains concealed
in my heart like a starving deserter
in an abandoned circus wagon.
— Adam Zagajewski, *Stolarska Street*²

SOME TIME AFTER I submitted the manuscript *Travelbook: Poems*, the first poem in this what I hope to be a second collection came around. It started to take shape while I walked my dog mornings and late afternoons toward dusk in my new neighborhood, in what felt like a new city because even though I grew up in it, I had been away so often, so long, it calls me stranger. The sense of tranquility and waiting that came after the weight of the manuscript was almost akin to a kind of emptiness; and possibly it is because of this sense that I seem to apprehend more catalogs of details: for instance, the weeds in the new neighborhood are gourd, the rain bows often, downpour is visible under lamppost light, dust swivels, lightning turns the night white, and chimes behind glass doors wait endlessly for a wind that may never come.

The more keen apprehension of details is possibly the impetus toward the kind of writing emphasized in these new poems, a kind of writing that differs quite markedly from the first collection. Whereas many pieces in *Travelbook* were borne out of, and thus inclined to present clearly, stories or contexts whence the speaker speaks, these new poems are meant to be catalogs³, especially intended to foreground

details and underplay, as much as possible, the contexts. The assumption being: when the cataloging is effective, the context inevitably unravels itself to the reader, who participates in the meaningfulness of the poem by threading all the details together into a whole according to her associations and her experiences, whether lived or imagined.

I have found that a predisposition for details do help make an adept catalogue of the unsaid, which otherwise would have remained unrevealed. Take, for instance, the poems, “Moon Forest” and “Love Poem” in *Travelbook*:

Moon Forest

At night, the grass is silver
and the blanket
left by lovers in the woods
Shines
quiet with pine
trees and fireflies
Phosphorescing
in the dark

Love Poem

There is always something
she can do
scrub the floors
crouch on fours to see
herself staring back
cold on the ground
waxed and wiped
dried with rag
wash off the water stains
from the countertop
the chipped tiles
to bleach
She can change
into bright and yellow
the windows' curtains
flowered
like the lost dress

she found in the closet
At the backyard
she can get a footstool
to stand on when she knots
the other end of the clothesline
where the sheet now hangs
limp under the sun

The setting in “Moon Forest” is the woods on a trysting night; and so there are the grass, the trees, the dark, the fireflies, the blanket that caught the moonlight. In “Love Poem,” the moment is set within a house and its backyard; the list of its details include, among others, chipped tiles, water stains on a countertop, windows’ curtains, a footstool, a clothesline. In both “Moon Forest” and “Love Poem,” the scope for all the details in the catalogue are found within the immediate physical space of the poem’s dramatic moment. I have found that choosing details within a constrained space deliberately tightens the work, so that, even though the catalogue was what was overtly presented, the dramatic moment remains that which takes center stage.

There is, however, the danger of predictability that needs to be recognized when the list in a catalogue is confined only within the poem’s immediate material space because the sublime, a word Pimone Triplett used to refer to the unsaid, resists habitations⁴. Instead, when crafted into poetry, the sublime, that is, the unsaid, which is what every poem really means to say, “imitates insight, or being, or consciousness without object”⁵. This being so, the unsaid cannot only have correlatives within a persona’s material surroundings, but also within her thoughts, among others, the accumulated experiences and memories, even the subconscious and the unknowable, that perhaps may even be the more powerful correlatives precisely because, as Louise Glück explains, by being unseen, they are more analogous to the unsaid. Like the images of tangible details more conventionally used in cataloging, these things unseen also “inevitably allude to [the] larger contexts”⁶ that is the poem.

In this new collection, I attempt to mostly do a cataloging, not cataloguing. To catalog is to intentionally widen the space to exhaust as many possible spheres in the search, consideration, and selection of details; to include not only the physical or material surroundings within the realm of the poem, but also its inherent metaphysical spheres such as, among others: the infinity and fluidity of time itself; thoughts, like observations and uncertain conclusions; also, the play of so-

I write because in high school, I wore my sister's hand-me-down uniform. In the picture, my light blue skirt stands out amongst the new deep blue skirt of my classmates. I write from UP, that place where I had to speak in Tagalog or be scolded by a student leader for speaking in the English I had to pay for with my snack money in my younger years. I write because when I came to Manila, not everyone knew where Butuan was. I write from behind the walls of the convent I lived in for five years and finally left, after realizing this wasn't the room I had been looking for after all.

I write what I write because there are many, many ways of telling stories, and there are many stories to tell, as many as there are days in one life, and in one life, many persons, and for each person, many faces and spaces, for their many lives. There is never anything new in each story that I tell, for each thought and each word is built on other thoughts, other words, other stories. I come from all directions and there is pain in every leaving, for I know that whoever goes and whoever stays is not me anymore. There is no way I can ever always be, no way I can ever be fully known, nor shall I ever know anything with certainty, so I leave pieces of "me" on sheets of paper, hoping to be found. Being always neither here nor there is not a very pretty place to be, because one can never be sure about who one truly is, and therefore what one wants to say or how to say it. To be one of many voices, to be read—is this not why I write?

Pain. That's what this is all about, this reading of lives. It both binds and destroys, it gives birth. Any grief begins with paralyzing disbelief, soon rising as anger, firing the battle within. Fact becomes fiction, the real is transformed by the imaginary, reading is writing is reading, the telling of the story. They say the last stage of grief is acceptance—sometimes, it takes months, or maybe years, sometimes it takes a lifetime. Meanwhile, I tell stories, like a palm reader, I read my many lives.

I now live in Cagayan de Oro, another city divided by a river. I am forever crossing the bridge that links the two banks of this river. In between the places I want to escape from and those that I seek—this is where I write from.

Writing is a reading of where we come from, and most of the time, we come from middle spaces, where there will always be more than one thing, all at once, a revelation of what is not understood, a rediscovery of what we think has been lost and forgotten, merging and re-emerging the way water shifts through sand.

Writing always borrows from the realm of both imagination and truth. It is about both pleasure and pain, one unable to exist without the other. It draws from what was, what already is, and what will be. It causes the birth of words and thoughts and the death of the causes of these births. The effect results in a recreation of that which was only vaguely known. The act of writing hides even as it reveals things that we already know, yet do not know until they are written. The very act of putting words on paper destroys that which motivated the act. We have the words, however.

Sometimes, in the middle of the night or just before dawn, I wake up suddenly and must reach for pen and paper. Many times, I do not know what my pen will write, or where the words will lead me. All I know is that something needs to be written and the hand that is needed for the writing happens to be mine.

Perhaps what awakens me is the memory of the sleepless nights spent on rooftops with friends, or lying in bed with a favorite aunt feet propped against the wall, or on porches with a visiting cousin or two, as we watch the sun falling, and a hundred and one stories later, rising again.

"Ate, where are you from?" ask the children, smiling, their tattered shirts blowing in the slight breeze that stinks. I am a passing tourist come for a view of the mountain, a look at their shanties, a taste of lives lived within sheets of discarded iron roofs, plywood, and cardboard boxes tied or nailed together. Within, families sift through found "treasures" from the rich garden of garbage outside. Among these treasures are the clothes that they wear, and the food that they eat. Should I tell them I come from a place where lanes are wide and huge trees grow, where the skies show all the colors, where buildings are as tall as this mountain, where my room has concrete walls painted white? The fumes rise like incense from every crevice, every gap between and beneath the unnamable flood of waste that make up the mountain. It is to the smoking mountain that these people give their daily supplication, bent over its face, seeking.

My hands reach out for a tree of steel leafed with multi-colored skirts, blouses, and gowns on fragile hangers. They surround me, these tributes to womanhood, silently begging to be bought, the lines and layers of shoes crying out in their little high-heeled and strappy voices: me! me! me! The tired old black shoes on one side don't even bother to say anything, resigned to their roles as shelf-fillers, much like the bench-sitters clustered in little cushioned islands scattered all over the mall.

There are many of them here—a variety of uncles, dads, boyfriends, brothers sitting, waiting, as they might sit and play cards in the sala while you're up to your armpits in dishwater, and you ask for help and they say sure and go on playing and you wish you could just break the glasses and throw away the plates and run away forever.

Some children are running around, playing hide and seek, as a sprinkling of mothers and daughters wander through, carrying gowns for their JS prom, I suppose. If I was that teenager following her harassed Mom, I'd be carrying that short, wine colored gown without sequins or ruffles. Simple, classic, alluring. My ate would fuss over my hair, but she's in the US now, ran away forever.

A lady in high heels, mini skirt, and glittery black blouse begins to flip through the hangers bearing pastel colored suits made of banana cloth. The orange tags say 50%. Hmmm, will this fit? She holds the blouse against her body, and I stop myself from saying out loud, Nope. Hmm, the shocking green pants? Nope. Maybe the deep fuchsia pink blouse embroidered with flowers on the shoulders. . . and I realize it is the same brand of clothing I wore when I had my First Vows. I had exchanged the red orange dress bought for me by one Sister for the staid blue blouse and skirt with embroidered sleeves. If I had stuck with the orange dress, I would have kept it after I left the convent, but I was different then, or I was me stuck in a different image of myself. In my mind, there is this someone wearing a mini skirt, and that simple classic gown, in rubber shoes playing hide and seek.

I finally find what I'm looking for—a whole shelf-full of blue vases.

The rest of the blue vase fell to the floor one day. The beautiful blue glass lay in curious patterns on the floor. And I felt that I must write about it—the forgetting, the fall, the holding on, the remembrance of this beautiful vase, whose curves and color once belonged to my Mom, which I took, and kept, and broke. She didn't really give it to me. I sort of took it from her. That's the way I have always seen it—her reluctant giving, my guilty taking—shreds of love becoming shards in my heart, a never-ending ache for beautiful, curved, blue vases.

There was a little girl in the mall, her little voice ringing above the sea of clothes: “So where are we really going, Mom?! We've been going around for hours and now we're back again. See, this is where we came from. Is this what you're looking for? This is it, Mom. Can we stop now?”

One cannot say how or when one can go up to Boliney, a town high up in the mountains of Abra, as far away to the north of the Philippine archipelago as anyone from the south could reach. One is never certain what day or what time the lone jeepney will arrive or leave. Speed is irrelevant. One is not even sure if the destination will ever be reached. The whole world and your whole life lies within the patched up

walls of the creaking, bouncing, swaying jeepney, with ravines to the right, and a hard rock wall to the left. There is no other way to go but forward. Sometimes, the jeepney must back up a little so we can get over the really rough parts. The view is magnificent, but it is best to close one's eyes, and surrender.

Lira has not surrendered yet. She is a patient at the Spinal Ward of the Orthopedic Hospital. In a grocery holdup, she was shot by accident, and was paralyzed from the neck down. Rage consumes her waking hours and our daily conversations. For her, there can be no climbing of any mountain, nor swimming in any river, nor playing in the streets as I had done with the children of Boliney. For her, not the green trees nor the fresh air atop the magnificent mountains which my Tinguian friends, bent over the rice fields, hardly notice.

What difference between a broken back or a back bent from dawn till dusk? They look to their feet half-buried in mud as dull as the stained ceilings of the spinal ward, or the patched surface of a wasting mountain. Bent over the rice fields or the smoking mountain, or trapped in their beds for life, their next meal is the only future. Reduced to the everyday, life takes on its purest form. One patient offers a cup of noodles to another, a whole Tinguian community stops working to honor and help a bereaved family, and a gang of laughing children dance their way down a mountain of garbage. There is a way out, after all.

Just yesterday, my Mom tells me about a war story in Butuan, of the baby sister she had been carrying when she fell over a log as they ran away from the Japanese when she was four years old. I never knew I had an Aunt Patricia. Her head was crushed from the fall. I think about the altar I had created of the blue vase, and what color are the shards in my mother's heart.

I come from Butuan. The road to Boliney never ends.

SI MADONNA, ANG MALABON, AT ANG MANUNULAT BILANG MAMAMATAY-TAO

CHUCKBERRY J. PASCUAL

FELLOW PARA SA KUWENTO, 52ND UPNWW

1985. DAMPALIT, MALABON. Mga alas-singko y medya ng hapon, sa tapat ng bahay nina Mang Jay, kapitbahay ng Lolo ko. Narinig ko ang radyo ng isang nakaparadang traysikel. Hindi ko alam ang titulo ng kanta, pero nakiliti ang aking tainga. Lumapit ako sa traysikel, para mas marinig nang maigi ang tugtog: may babaeng may matinis na boses, paminsan-minsan parang umiiri, at may mga lalaking kumakanta nang sabay-sabay. Nag-umpisa akong igalaw ang balakang. Hanggang sa sumunod na ang buo kong katawan. Pahampas-hampas ang ulo sa hangin, pakampay-kampay ang mga kamay. Napansin kong lumapit ang ilan sa mga kalaro. Nadagdagan pa sila pagkatapos ng ilang sandali, at lalo lang akong naudyukang ipagpatuloy ang pagsasayaw. Pumapalakpak na rin kasi sila, may ilan-ilang tumatawa at sumisigaw. Natigil lang ang lahat nang dumating ang tatay ko. Piningot niya ako, binatukan, saka pinapasok sa bahay.

Nalaman ko na lang noong nasa kolehiyo na ako, mula pa sa tatay ko mismo, na “Material Girl” pala ang sinayaw ko. Nasa loob kami ng sasakyan noon at nakasalang ang kari-release lang na *Ray of Light* CD ni Madonna. (Hindi ko na binanggit ang pambabatok niya.)

Desidido na akong magsulat noon. Idol ko si Jullie Yap-Daza. Dahil sa kanya, Journalism ang kursong kinuha ko sa UPCAT, at pangarap kong magsulat sa *Manila Standard*. Pero sa kung anong misteryosong dahilan, naiwala ng UP Registrar ang aking reply slip, at napadpad ako sa Malikhaing Pagsulat. Pumayag na rin ako.

Plinano ko na lang na mag-shift. Hanggang noong huling semestre ko sa pagiging MP major, kung kailan naayos ko na ang mga papel para makalipat sa College of Mass Communications, naging guro ko si Vim Nadera sa pagsulat ng tula.

Bilang unang writing exercise, pinagawa kami ni Sir Vim ng pasyon. Para raw hindi kami mahirapan sa pagpili ng paksa, tumula raw kami tungkol sa idolo. Siyempre, si Madonna ang tinulaan ko. Acrostic ng pangalan niya, bawat saknong ay naglalarawan ng iba't ibang panahon niya bilang singer. Ang title, "Madonna Louise Veronica Ciccone," pero unang pangalan lang ang ginamit ko sa acrostic. Ginawa ko iyon, isang Linggo ng hapon, habang nanonood ng *The Buzz*.

Noong isalang ang gawa ko para sa palihan, walang nagtataas ng kamay para magkomento. Napilitan tuloy si Sir Vim na agad magsalita (siya kasi parati ang huli) at ang naging hatol niya, "Yung mga ganitong, uh, tula, mababasa mo lang sa liner notes ng Greatest Hits album, e." Tapos, lumipat na kami sa susunod na tulang isasalang.

Tinanggap ko ang pahayag ni Sir Vim bilang napakataas na papuri. Nagdesisyon akong maging makata. Lalo pa akong nasilihan nang isama ako minsan ni Sir Vim sa kuwarto niya sa FC. Pinabasa niya sa akin ang "Siyam na Diwata ng Sine" at iba pang akda sa *Ladlad 1*. Hindi ko na-gets, binago ko na lang ang topic nu'ng nagtanong siya kung ano ang opinyon ko.

Ilang taon din akong nanindigan na marunong akong tumula. Sumulat ako ng kung ano-anong pasyon, awit, korido. (Nagtangka rin akong mag-villanelle, pero naisipan kong ipaubaya na lang ito sa iba.) Nag-malayang taludturan ako. Sumulat din sa Ingles. (Ang isa sa mga paborito kong naisulat na linya, *His name was Vulcan/so was I*.) Talagang dinibdib ko ang pagtula, hanggang nakabasa ako ng libro ni Cirilo Bautista. Nagdesisyon akong magkuwento na lang.

2002 ako unang na-publish. Lumabas ang kuwento kong "Mad Dino" sa folio ng *Manila Collegian*. Sa kuwentong iyon, lumalabas sa aparador si Madonna at nakikipagkuwentuhan sa bida. Ipinasa ko rin ang kuwento na iyon sa unang writers' workshop na nasalihan ko, ang UST Writers' Workshop noong 2003. (Doon ko rin nakilala nang personal si Cirilo Bautista.) Sa pagsulat naman ng kritikal na introduksiyon para sa aking undergraduate thesis, bahagi ng ginamit kong framework si Madonna.

Oo, isa akong Madonna fan.

Malay ako na sa simpleng deklarasyon pa lang ng pagiging "fan" ay may nalilikha na kaagad na relasyong herarkikal sa pagitan ko at ng taong hinahangaan. Pero walang kaso sa akin ito. Ipinagpapalagay kong bahagi naman ng pagsusulat ang negosyasyon sa herarkiya. Sa proseso ng pagsulat, kinikilala ng manunulat ang kanyang sarili

bilang mala-Diyos. Pero may pagkilala pa rin siya sa kapangyarihan ng mambabasa: mahalagang magkaroon ng ideal na mambabasa sa isip habang nagsusulat, kahit pa ang sarili lang din ang itinuturing na ideal. Litaw rin ang pagkakaroon ng herarkiya pagdating sa publikasyon. Sa estado pa lang ng produksiyon, mayroon nang relasyong editor at contributor. At siyempre, ang tanong ng publisher sa manunulat na supplier, sino ang bibili ng libro? Para naman sa mga tulad kong pormal na nag-aaral ng pagsulat, pumapasok ako sa mga herarkikal na relasyon ng guro at estudyante, adviser at advisee. Maging ang pagkilala sa mga impluwensiya ay maituturing na may bahid ng pagiging fan kahit paano.

Sa kaso ng pagiging fan ko ni Madonna, batid ko ang aming hindi pantay na relasyon: ako bilang taga-Pilipinas, bakla, gitnang-uri, tagakonsumo ng kulturang popular, at siya, bilang Amerikana, babae, bilyonaryo, at bahagi ng paglikha ng kulturang popular. At sa palagay ko, gaya ng mga relasyong nabanggit ko sa itaas, diyalektikal din ang relasyon namin, at produktibo.

Sinusulat ni Madonna ang karamihan sa mga kanta niya, at hindi siya kinikilala bilang isang wordsmith. Simple—at kung minsan nga, nasasabihan pang simplistiko—ang mga lyrics niya. Sa kantang “I Love New York” halimbawa, ang pinagtutugma niyang mga salita ay “mad” at “sad”, “New York” at “dork.” Maliban pa sa pagsulat ng mga kanta, tumutula rin siya. Narito ang isang tulang binigkas niya sa dokumentaryong *I’m Going to Tell You a Secret*:

I have a cage
It’s called the stage
When I’m let out
I run about
And sing and dance and sweat and yell
I have so many tales to tell
I like to push things to the edge
And inch my way along the ledge
I feel like God, I feel like shit
The paradox, an even split
It’s just a job, I always say
I should be grateful everyday
Sometimes I think I just can’t do it
But I persist and I get through it
And I console myself each night
At least my cage is filled with light.

Sigurado akong hindi mananalo ng kahit na anong contest ang tulang ito. Malabo rin itong mailimbag, at kung isasalang ito sa palihan, makakatay ito malamang. Pero madarama naman, kahit paano, na may pagtatangka siyang maging sinsero sa pagpapahayag ng damdamin. At iyon na nga ang pinakamabait at pinakamabuting puwedeng sabihin. Pero kung mapapanood kung paano niyang binigkas ang tula nang buong kaseryosohan sa harap ng kamera, iisipin ng manonood na para bang punumpuno ng gravitas ang binibigkas niyang mga salita, na para bang nagtataglay ang mga ito ng mga walang-maliw na katotohanan tungkol sa sangkatauhan.¹

Gaya ng maraming pangyayari sa buhay at karera niya (kung paniniwalaan ang iba't iba niyang biographer at kritiko, at siya mismo ay nagbiro sa katangian niyang ito sa pagpapangalan sa isang tour bilang *Blond Ambition*), dinadaan ni Madonna sa ambisyon ang maraming bagay.

Gayundin, sagana sa ambisyon ang boses ni Madonna. Alamat na nga yata ang pagiging limitado ng kakayahan niyang kumanta, mula sa pagiging tunog nakahithit ng helium sa "Like A Virgin" hanggang sa paggamit ng vocoder/autotune sa "Music." Pero hayun at panay pa rin ang concert tour. Inaasahan na ng lahat ang pangangarag niya sa pagkanta, kaya paulit-ulit na sorpresa ang hindi niya pagpanaw sa entablado sa tuwing may inaabot na mataas na nota.

Kung ilalarawan ko kung anong klase akong manunulat, para akong si Madonna. Puno ako ng ambisyon. Ang tingin ko sa mga kuwento ko, komplikado, malalim, at talaga namang ikatutuwa ni Barthes ang pagiging writerly. Pero hindi mapalis ang katotohanan na hindi naman ako ganoon kahusay (o katiyaga, kung magiging politically correct.) Limitado lang ang kakayahan ko. Ito na nga rin yata ang ipinagpapalagay kong dahilan kung bakit hindi ako makasulat ng sustenidong naratibo, gaya ng nobela. (Nang minsan akong magtangka, ang resulta: parang si Madonna na kumanta ng "Don't Cry for Me Argentina." Hindi naman sobrang sama sa tainga, pero maaalala bigla ng nakikinig kung gaano kahusay si Patti LuPone.)

Sa kabila ng pagiging malay sa sariling limitasyon, gaya ni Madonna, nag-aalaga pa rin ako ng delusions of grandeur: may mahalaga akong sasabihin, kaya nga ako nagsusulat. At may matindi rin yata akong paniniwala sa Kasaysayan: wala mang nakakakilala sa husay ng akda ko sa ngayon, hindi naman nakakalimot ang Kasaysayan, maitatama rin ang lahat, maaayos din ang lipunan, darating ang araw na babasahin ng maraming tao ang mga ito, at magsisisi silang madla kung bakit noon lamang nila nadiskubre ang hindi matatawarang talino ng aking perspektibo tungkol sa iba't ibang usaping panlipunan na buong husay kong isinalin sa aking maiikling kuwento. (Na isang malaking kagagahang isipin, pero paminsan-minsan, iniisip ko pa rin.) At kahit nanalo na si Madonna sa wakas sa Grammys noong 1999,

kinokondisyon ko ang sarili sa bawat pagsali at pagkatalo sa Palanca: si Madonna nga, kuwarentahin na noong nanalo. Sanggol pa lang ako in Madonna years.

Ang mga paboritong tema ni Madonna ay maaaring hatiin sa iilang grupo: romantikong pag-ibig, ligaya ng pagsasayaw, pagtuklas sa sarili, seksuwalidad, relihiyon. Ang nagbibigay ng pakiramdam ng pagiging bago sa mga paksa niya ay ang iba't ibang imahen na itinatanghal niya kasabay ng mga kanta (mayroon siyang iba't ibang persona sa bawat era, halimbawa, Dita para sa *Erotica* album, Veronica Electronica sa *Ray of Light*) at ang mismong musika o produksiyon (na nakadepende kung sino ang katrabaho niyang producer sa panahon na iyon).

Ngayong binabalikan ko sa isip ang mga nasulat ko, may tendensiya ring malusaw sila sa iilang paksa: ilang beses akong nagsulat tungkol sa coming out/pagtuklas sa sarili, romantikong pag-ibig, seksuwalidad, at relihiyon. Nagbabago rin ang estilo ko sa pagsulat sa paglipas ng panahon, at sa kung ano ang mga tekstong kinokonsumo ko sa mga panahon ng pagsusulat.

Sa katunayan, sa tuwing nagsusulat ako, madalas na mayroon akong ka-“collaborate” na mga teksto at manunulat, na direkta man o hindi, ay nakaapekto sa aking pagsusulat. Halimbawa, nagsimula akong mag-eksperimento sa mga pangungusap noong mabasa ko si Gabriel Garcia Marquez. Nakita ko naman sa unang nobela ni Luna Sicat Cleto ang iba't ibang posibilidad sa paglalarawan. May mga pagkakataon dati na binabalikan ko ang *Makinilyang Altar* para basahin muli ang mga paglalarawan. (Ang isa sa mga paborito ko, “babaeng malungkot ang mga mata na parang tinadyakang aso.”)

Nabanggit ko sa itaas ang pagiging sinsero ni Madonna. Ang ipinagpapalagay kong manipistasyon ng kanyang pagiging sinsero ay ang paglalapat niya ng mga unibersal na tema sa kanyang espesipikong sitwasyon. Hindi siya nagkukunwari na maging iba. Ang kantang “Drowned World/Substitute for Love,” halimbawa, ay tungkol sa paghahanap ng sarili. Dahil si Madonna si Madonna at inaamin niya ito, sumulat siya ng kanta na tungkol sa paghahanap ng sarili ng isang taong may obsesyon sa katanyagan. Marami pa siyang ibang kantang tungkol sa buhay celebrity na madalas, ang nagiging punto ay hungkag naman talaga ang lahat ng karangyaang kakabit ng buhay na iyon, na walang ibang mahalaga kundi pag-ibig. May mga kritikong nagsasabi na nakababagot ang paksang iyon para sa mga kantang pop. May mga nagsasabi rin na narsisistiko ang parating paggamit ni Madonna sa kanyang sariling karanasan bilang lente. Sa palagay ko, may taglay naman talagang hibo ng narsisismo ang akto ng pagsusulat. Maaaring napapatingkad lang ito sa isang gaya ni Madonna, na pinalalaki ng international media ang bawat kilos.

Dagdag pa, bagaman ang mas madalas na turing kay Madonna ay isang pop singer, kapag sinuri ang kanyang mga kanta, may pagtatangka siyang maging confessional na singer-songwriter. Taliwas na taliwas nga lang ang kanyang imahen sa tradisyunal na imahen ng confessional singer-songwriter gaya nina Carole King at Joni Mitchell, halimbawa, pero may sinseridad namang madarama sa pagitan ng bawat linyang may mababaw na tugmaan.

Ang kanyang dalawang album na itinuturing bilang pinakamahasag ng mga kritiko ay kapwa may elemento ng pagiging confessional, ang *Like A Prayer* at *Ray of Light*. Ang kanyang album noong 2005 ay may titulong *Confessions on a Dancefloor*. Sa pinakahuli niyang album na *MDNA*, maraming kantang tumatalakay sa paghihiwalay nila ni Guy Ritchie. Isa sa mga ito ang “I Don’t Give A”: *I tried to be a good girl / I tried to be a wife / Diminished myself, and I swallowed my light*.

May pagtatangka rin ako na ipook ang aking panulat sa literal at hindi literal na paraan: ang lunan ng halos lahat ng aking mga kuwento ay parating Malabon, kahit na binabanggit nang tahasan sa kuwento o hindi. Ikalawa, hindi ako makapagsulat ng kuwento na naglalarawan sa buhay-mayaman. Itinuturing ko ito bilang kalakasan dahil mas nagiging mabilis ang pagbuo ng mga kuwento kapag gamay ko na ang “pisikal” na kapaligiran kung saan ito nagaganap. Pero itinuturing ko itong limitasyon (lalo na kung aalalahanin ang sabi ni Ricky Lee na higit na mahusay na manunulat ang hindi nakapunta sa Quiapo) dahil nahihirapan akong magsulat ng kuwento na hindi ko masasalok sa aktuwal at materyal kong karanasan. At hindi lang ito sa pisikal na pagpopook, kundi maging sa subjectivity. Wala pa akong kuwento na tungkol sa buhay-mayaman. Hindi dahil sa hindi ko talaga kaya—dahil literal namang kakayanin ko—kundi, natatakot akong matunugan ng mambabasa na nagmumula ako sa lugar na “peke” o puno ng “kasinungalingan.”

Na hindi rin isang paraan ng pagsasabi na pulos “katotohanan” ang nasa panulat ko. Gaya nga ng sabi ni Madonna sa isang soundcheck, *“I’m not really singing about myself.”* Pero tungkol pa rin naman iyon sa kanya. Sabay na pag-amin at pagtanggì: hindi pa rin naman ako nagsusulat ng creative nonfiction.

Nakakaugnay ako sa elemento ng pagsulat ni Madonna na pangungumpisal sa papel. Dahil gaya niya, lagi namang may bahagi ng sarili ko sa bawat panulat, at ang akto nga ng pagsulat ang paraan ko ng pag-aayos ng mga bahaging ito, dahil madalas, basag-basag sila sa “totoong buhay” at hindi mawawaan kung ano ang saysay. Pinagdikit-dikit ko lang sila para makabuo ng iba’t ibang hugis, at magkaroon ng kahit dating man lang ng isang maiintindihang naratibo. Pero hindi ibig sabihin na kung ano ang nabuo ay may kaparehong timbang ng “katotohanan” na taglay ng mga bahagi.

Ang mga kuwentong ipinasa ko, na pansamantala kong tinatagurian bilang *Gabriel at Alejandro*, ay gaya ng mga kanta ni Madonna: impluwensiyado ng kasalukuyan kong mga interes, partikular ang crime fiction, mga akda ni John Iremil Teodoro at (mga huling akda ni) Rene Villanueva, confessional, at oo: maaaring sabihin na naglulunoy sa cliché.

Isinulat ko ang mga kuwentong ito sa panahon na hindi ko inaasahan. Halos isang taon na akong hindi nakakasulat ng bagong kuwento, at nangangapa ako para sa bagong inspirasyon. Itinigil ko ang isang proyekto na pumapaksa sa trangenderism at tumakbo ako sa kabilang dulo ng spectrum: nagbasa ako ng nobelang pulp. Pagkatapos ng halos walang katapusang paglulunoy sa emosyon, identidad, at homoseksuwalidad, kung saan kayang magmuni-muni ng mga tauhan sa loob ng sampung pahina, ginusto kong magpaalipin sa plot at pumasok sa mundo ng mga “tunay na lalaki” na hindi mangingiming gumawa ng iba’t ibang uri ng krimen.

Pero napansin kong hindi lubos ang lugod ko sa pagbabasa sa mga naratibong pulp. Sa mga pagkakataon na pinagbigyan ko ang sarili mula sa itinakdang diyeta sa pagbabasa, nagbabasa pa rin ako ng tekstong nakasanayan na dati (e.g. character-driven, realist, at mas mabilis pa rin akong nakakapasok sa naratibo). Ang mga kuwentong ito ang inaasahan kong produkto ng mga tekstong pulp at “literary” na kinonsumo ko habang nagsusulat.

Ang isa sa popular na pagbasa kay Madonna bilang isang cultural phenomenon ay ang kanyang pagiging postmodernong icon. Tanyag na nga ang kanyang “kakayahan” diumano na maglaro ng/sa mga identidad. Ayon nga sa librong *Madonna as Postmodern Myth: How One Star’s Self-Construction Rewrites Sex, Gender, Hollywood and the American Dream* ni Georges-Claude Guilbert, itinatanghal lang din ni Madonna si “Madonna.” Wala naman talagang totoong Madonna. Pero ngayong nagkaedad na siya at naging prominente na si Lady Gaga, sa palagay ko ay lumilitaw na mayroon pa ring malinaw, kongkreto at “totoong” pinanggagalingan si Madonna. Bagaman pareho sila ni Lady Gaga na nagbibihis at iniaayon ang persona sa pagbibihis—maaaring ituring na drag—si Madonna ay may binabalikan sa bawat ekskursiyon niya sa pagiging iba. Nananatili pa rin siyang si Madonna, na siya rin naman niyang tunay na pangalan. Hindi gaya ni Lady Gaga, na itinatanghal ang sarili bilang isang alien, at kinakailangan pang gumamit ng alyas para tukuyin ang sarili-bilang-performer.

Ang pagiging grounded pa rin ni Madonna, na nasa anyo ng kanyang katawan, ang isa rin sa mga katangian ng mga kuwentong ipinasa ko. Nagpapalipalit ng katauhan sina Gabriel at Alejandro—nariyang maging magkasintahang magnanakaw, magkalaguyong bata at matanda, basketball player, bugaw, lalaking

bayaran, call center agent—pero may binabalikan silang identidad. Parati, si Gabriel ay nananatiling bakla at si Alejandro ay lalaki. Hindi para maging essentialist, kundi para magkaroon ng pagkakadugtong ang iba't ibang kuwento. Parang si Madonna, na tanging nagdurugtong sa iba't ibang album na niya na may iba't ibang persona, iba't ibang estilo sa musika, at oo, maging taglay na pilosopiya at politika.

Pinili kong magsulat tungkol sa relasyon ng lalaki at bakla, na maaari naman talagang ituring na cliché², sa dalawang dahilan. Una, kailan ko lang nabasa ang mga akda ni John Iremil Teodoro at ilang dula ni Rene Villanueva. Namangha ako sa paraan ng paglalarawan nila ng masalimuot na relasyon ng lalaki at bakla. Binigyan nila ako ng perspektiba na ibang-iba kaysa doon sa nakasanayan ko na. Ikalawa, kinailangan kong magsagawa ng eksorsismo sa isang personal na karanasan, at ang pagsusulat—pangungumpisal sa papel—ang isa sa mga paraan upang maisagawa ko ito. Paulit-ulit sa mga kuwento ang naratibo ng pagkakakilala, ang pagtataksil, ang paglamon ng dilim sa mga tauhan.

Kinakabahan ako sa epekto ng pag-uulit ng mga tauhan at ilang pangyayari sa mambabasa—baka sila maumay, baka lumitaw ang kanipisan ng konseptong napili kong gamitin sa proyekto, baka hindi ko mabigyan nang panibagong sipat ang gasgas nang paksa—pero magpapaka-Diyos muna ako. Lilikha ako dahil gusto ko, dahil malungkot ako, at gusto kong magkaroon ng mga bagay na magpapatunay sa aking pag-iral. Magpakaka-Diyos muna ako. Iyong Diyos na mapaghiganti. Iyong Diyos na Diyosa pala, at kumakanta gaya ni Madonna sa “Gang Bang,” isang awit mula sa *MDNA* kung saan gusto niyang patayin nang paulit-ulit ang taksil na mangingibig, dahil doon at doon lamang niya matatagpuan ang katahimikan. Sabi nga ni Madonna sa bridge ng kanta, “*I wanna see him die! / Over and over and over and over and over!*”

- [1] Siyempre, dahil nga hindi pantay ang relasyon: nananatili ang katotohanan na hindi man maililimbag, naipakalat pa rin ang tula dahil sa makinarya ni Madonna. At ako, bilang indibidwal na may maituturing na mas “may alam” sa pagsulat ng tula (kahit hindi makata), ay nagiging isang pasibong tagatanggap lamang ng pagtatanghal/pagbabasa ni Madonna ng kanyang akda.
- [2] Ayon nga sa isang review ng “Alejandro,” itinanghal sa Virgin Labfest 8, ang paksa raw ng aking dula ay “tired subject matter.”

ANG POLITIKAL SA PAGKATHA

ROMMEL B. RODRIGUEZ

FELLOW PARA SA KUWENTO, 52ND UPNWW

MAYO 2, 2010, walong araw bago ang pambansang eleksiyon sa Pilipinas, napanood ko sa telebisyon ang pag-indorso ni Pastor Apollo Quiboloy kay Gilbert Teodoro bilang presidente ng Pilipinas sa mga miyembro ng Kingdom of Jesus Christ. Hindi biro ang indorso na ito, umaabot din sa anim na milyon ang sinasabing populasyon ng relihiyosong samahan na maaaring magpanalo pa rin kay Teodoro kahit pang-apat lamang siya sa ginagawang mga sarbey. Tinatawag si Quiboloy na “The Appointed Son of God.” Pero sa pagkakataong ito, siya na ngayon ang nagbibigay ng atas sa kanyang mga tagasunod kung sinong presidente ang dapat iboto ng kanyang mga kapanalig sa paniniwala.

Sa panonood kay Quiboloy, ikinuwento niya kung papaano siya dumating sa kongklusyon kung sino ang kandidatong susuportahan at itatakda bilang bagong presidente ng bansa. Ayon sa kanya, maliwanag na binanggit ng kaluluwang sumapi sa kanya ang pangalan ni Teodoro na siyang magliligtas sa papalubog na kalagayan ng Pilipinas. Dagdag pa niya, mula sa banal na espiritu ang mga salitang lumalabas sa kanyang bibig. Habang pinapanood ang eksena sa telebisyon, hindi ko maalís sa isip kung sinong hindi maiinggit kay Quiboloy. Mayroon siyang lakas ng loob na tawagin ang sarili bilang inatasang maging anak ng Diyos. Bukod pa sa pagkakaroon ng libo-libong tagasunod.

Bawat salitang lumalabas sa kanyang bibig ay tinatapos ng “amen” at susundan ng masigabong palakpakan. Pinaliligiran siya ng mga tagasunod na taimtim na

nakikinig sa kanyang mga salita. Natapos ang eleksiyon. Nanatiling pang-apat si Teodoro sa mga tumakbong presidente. Hindi nangyari ang inaasahang himala. Subalit kahit hindi nanalo ang pinili ni Quiboloy, nananatili ang kanyang mga tagasunod sa pakikinig sa kanyang mga testimonya't pananalita. Para sa akin, ito ang kahanga-hanga: ang sundin kahit hindi natupad ang ipinangakong himala at pagbabago.

Kinabukasan, nagkataon naman na napanood ko sa ibang channel ang interbyu kay Ricky Lee. Ikinuwento niya ang kanyang pinagdaanang buhay bilang manunulat at kung papaano siya napunta sa propesyon na ito. Sa hayskul, naikuwento niyang pumipilas siya ng mga pahina sa silid-aklatan para gumawa ng sariling koleksiyon ng mga nagugustuhang akda. Hindi naman siya pinagbabawalan ng librarian kahit alam nito na siya ang pumipilas ng mga pahina. Siya lang daw kasi ang madalas pumunta ng silid-aklatan. Matapos ang kanyang graduation sa hayskul, naglayas si Lee. Ang bayad sa kauna-unahan niyang nalathalang kuwento ang ginamit niyang pamasahe sa pag-alis sa Camarines Sur sa Bikol. Pumasok siya ng iba't ibang trabaho sa Maynila at nag-aral ng AB English sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman na hindi rin niya tinapos.

Ikinuwento niya ang kanyang malungkot na nakaraan dahil sa pinagdaanang kahirapan. Naranasan niya ang magutom at makulong noong batas militar. Paglabas niya ng kulungan, pakiramdam niya, hinog na hinog ang kanyang karanasan kaya't mabilis niya itong nailipat sa mga akdang kanyang isinulat. Magku-kuwento siya na may kababaang-loob. Mahiyain at tahimik daw siya noon. Sang-ayon sa kanya, naging daan niya ang pagbabasa upang punan ang anumang nararamdamang kulang sa kanyang pagkatao dahil na rin sa pagiging ampon.

Hindi ko maiwasang hanapan ng kaibhan at ugnayan sina Quiboloy at Lee; isang anak ng Diyos at isang ampon (ng tao). Kung anong garbo at laki ng programa at entablado ni Quiboloy, siyang simple at liit naman ng panayam kay Lee. Kung anong dami ng mga manonood kay Quiboloy habang nagpapahayag ng salita ng Diyos, isang tao lang ang kausap ni Lee. Habang ipinagdidikdikan ni Quiboloy na itakwil ang masasamang karanasan at nagawang kasalanan, niyayakap naman ni Lee ang kanyang "negatibong" karanasan bilang bahagi ng kanyang kabuuan.

Kung pag-uugnayin ang mga salitang binibitawan ng lider ng isang sekta at isang manunulat, mayroon silang tinutuhog na daan ng katotohanan. Para mas maging akma sa kasalukuyang panahon, sabihin na isang tuwid at isang baliko. Mistulang mas maraming sumusunod sa katotohanang inilalakso ni Quiboloy, ang tuwid na daan. Si Lee naman, animo'y nag-iisa sa tinatahak niyang daan. Habang ipinapangalandakan ni Quiboloy ang natagpuan nilang paraiso, paunti-unti naman

na natagpuan ni Lee ang mga hibla ng katotohanan sa kanyang mga sinulat na akda. Subalit sa esensiya, bagaman naghuhumiyaw ang lakas ng boses ni Quiboloy, wala itong nilalaman na bago. At habang mistulang tahimik at personal ang testimonya ni Lee, dinig na dinig ang kototohanang nilalaman nito; lalo na sa aspekto ng sining ng pagsulat. Paghahanap ng katotohanan ang pagsulat, kaya't kailangang maglagalag ng manunulat.

Sintomas ng isang malalang krisis panlipunan ang pagkakaroon ng kapangyarihan sa bansa ng mga katulad ni Quiboloy. At sang-ayon na rin kay Neferti Tadiar (*Things Fall Away*, 2009), nagluluwal ang krisis ng dalawang puwersa, una, ng mga mapagpalayang kilusan, at ikalawa, ng represyon ng estado. Sa ganitong konteksto, kung saan unti-unting nahuhulog ang mga bagay-bagay, saan papasok, o higit pa, papanig ang sining ng pagsulat? Kasama ba ang panitikan sa mga nahuhulog na ito o nananatili itong matatag at hindi natitinag? Nakakalungkot ito, subalit ang mas malungkot, ay kung hindi mo namamalayan na unti-unti na pala tayong nahuhulog.

Esensiyal ang pagkakatatibag ng mga bagay sa kapitalismo. Literal na tinitibag ang mga bundok para makapagpatayo ng mga minahan. Tinitibag ang bahay ng mga maralitang tagalunsod na nagre-resulta sa malawakang dislokasyon. Tinitibag ang hanay ng mga kilusang panlipunan; pinapaslang ang mga aktibista, dinudukot ang mga progresibo't radikal, minamasaker ang mga sumusuporta sa kilusang mapagpalaya. Sa pamamagitan ng disintegrasyon at likwidasyon, mas madaling mabubuo ang kita at tubo, ang monopolyo sa mga pribadong pag-aari, at kapangyarihang pampolitika sa bansa. Ang pagkakawatak-watak na ito, ang mga nahuhulog na bagay ang iniipon ng manunulat upang lumikha ng akdang bubuo sa kanyang imahinasyon at kritika sa lipunan. Kaya sa aking palagay, politikal na akto ang pag-akda. Magkakaiba na lamang ito sa kung kaninong interes ang sinusulong ng manunulat.

Sang-ayon na rin kay Ericson Acosta, makata at bilanggong politikal, ang mga artista'y mahalagang maging militanteng sektor ng lipunan. Pinalalaya niya, hindi lamang ang sarili mula sa tanikala ng indibidwalistang paghiraya ng kanyang kakayanang lumikha ng sining, kundi ginagamit niya ang sining upang magsiwalat ng mga katotohanan ng opresyon, at higit lalo ng paglaban. Sa pamamagitan nito, nagiging konsensiya ng lipunan ang mga manunulat. Sinusuong nila ang tinatalikuran ng karamihan, banggit naman ni Malou Jacob bilang pagsuporta sa panawagan ng pagpapalaya kay Acosta.

Inilalayo tayo ng estado at makapangyarihang uri, yaong mga panginoong maylupa at burgesya komprador sa ating alaala ng pakikitunggali upang maging dominante ang kanilang pagtanaw sa kasaysayan at moda ng produksiyon. Gayong

sila na iilan ang nakikinabang sa hirap ng karamihan. Sang-ayon nga kay Eduardo Galeano, ang sagana at luho ng iilan, ay gutom at pagkaalipin ng karamihan. Paano tayo magiging buo kung pilit pinaghihiwalay ang ating pag-iral? Isang political analyst sa telebisyon ang nagsabing ang susunod na gobyerno'y isang perya. Sa kongreso mauupo ang isang talk show host, boksingero at asawa ng dating diktador. Sa senado, muling uupo ang mga sikat na artista na nanguna pa sa halalan. Kasama nila ang mga dating politiko o anak ng mga dating politiko. Ang peryang ito'y paraiso naman para sa mga naghaharing-uri. Ito ang bigat na hatid ng huwad na demokrasya sa bansa. Mahalagang suriin ng manunulat ang sitwasyong panlipunan na kinasasadlakan ng kanyang bansa. Kapag ito ang kanyang naging paksa, tiyak na hindi siya mauubusan nang maisusulat.

Nawawala ang ating alaala sa paglagalag sa lipunang binatbat ng aliwan para tayo'y makalimot. Magnetong humihila ang mga mall sa siyudad para aliwin ang mga tao upang kalimutan ang kanilang mga alalahanin sa buhay. Nilulunod tayo ng mga produkto, binubulag tayo ng konsumerismo. Isang bansa tayo ng telenobela. Nakakalikha tayo ng simpatiya sa mga inaapi at galit sa mga mahaderang tiyahin, abusadong amain, o masamang madrasta. Subalit hanggang simpatiya lamang tayo, sapagkat sa huli'y matututong magpatawad ang inaapi, o kaya'y nare-resolba ang mga tunggalian ng uri sa pamamagitan ng romantikong pag-iibigan. Natutuwa tayo kapag napagtagumpayan ng pangunahing tauhan ang kanyang mga personal na suliranin, lalo na sa usapin ng pag-ibig. Umiiyak tayo kapag nalulungkot sa isang eksena, at umiiyak pa rin kapag tuwang-tuwa. Patuloy tayong naaaliw sa panonood ng mga talent show na nagpapakita ng pinapahirapang katawan. Habang may mga magsisilbing hukom na magtatasa kung naaliw sila o hindi. Ganito katindi ang kapitalismo, maging ang lungkot at pighati ng mamamayan ng bansang napapabilang sa Ikatlong Daigdig ay pinagkakakitaan.

Bansa raw tayo ng trahedyo pero nakukuha pa nating tumawa. Kung minsan, mahirap makita ang pang-aapi kahit tahasan na ang mga pagsisiwalat na ginagawa. Itinatago ito sa konsepto ng "maganda naman ang daigdig" at tanggapin na lamang kung ano ang kalagayan sa buhay. Ideal ang lipunan, tanggapin na lamang na may mahirap at mayaman. Ginawa ang mga talent shows, gameshows, malawakang singing contests at mga programang nagbibigay ng kahilingan kagaya ng *Wish Ko Lang* upang ilagay ang opresyon sa maskara ng aliw. Ito ang magko-kondisyon sa kamalayan ng mga manonood na tanggapin na lamang ang opresibong kalagayan. Tinuturuan tayo ng mga pampamanhid hanggang sa tuluyan tayong pumanaw na hindi man lamang nating namamalayan. Subalit hindi lahat ay yumuyukod sa ganitong mga panlilinlang, at sa aking palagay, dito pumapasok ang sining ng

pagkatha; ang mismong politisasyon ng sining upang maglanta ng mga panlipunang pagsasamantala, ng mga naghaharing-uri, at ng mga mismong tagapagdambana at tagapangalaga ng sining na mistulang nakipagmatrimonya na sa estado. Subalit hindi madali ang bumangga, ang lumikha ng kontranaratibo sa dominanteng pananaw sa sining ng pagkatha, sa paglikha ng bansa.

Sa ganitong konteksto, saan ilulugar ang sining ng pagkatha ng mga kontemporaneong manunulat? Maglalata si Epifanio San Juan ng tugon sa pamamagitan ng pagsusuri niya ng mga kuwento ni Carlos Bulosan. Ayon kay San Juan, sa panahon ng krisis kung saan ang pundasyon ng mapagsamantalang sistema ay nagkakawatak-watak, layunin ng artista na magsabi ng katotohanan—ang katotohanan ng obhektibong proseso ng pagbabago. Kaya, kahit mula sa pinagsanib na imahinasyon at impresyon ang isang katha, nagsisiwalat pa rin ito ng katotohanan.

Idadagdag ni San Juan na pinahihiwatig ng tensiyon ang pagbabago sa pagitan ng represibong puwersa at progresibong puwersa. Kung nais ng manunulat na gamitin ang kanyang bokasyon upang ito’y maging makabuluhang behikulo ng pagbabago at katotohanan, bilang humanistikong gawain, kailangan niyang muling ilarawan ang pakikibaka ng mga tao laban sa sinapupunan ng namamatay na pyudalismo. Kailangan ito upang biguin ang nabubulok na mga institusyon ng mga naghaharing uri na may pasistang ideolohiya, dagdag pa ni San Juan (“Carlos Bulosan and the Imagination of the Class Struggle,” 1972).

Nasapol ng siping ito ang personal kong paglalaglag bilang nagsusulat ng maikling kuwento. Siyempre, sa simula, sa mga unang tangka sa pagsulat ng anumang akda, may hibla pa ng adbenturismo ang dahilan ko sa pagsulat. Habang nagiging mas malalim ang politikal kong posisyon at pananaw sa lipunan, mas kumiling ang aking panulat hinggil sa mga isyung panlipunan. Naging isang proseso ng paghahanap ang pagsulat ko ng maikling kuwento.

Masayang magsulat, pero nakakalungkot din ito. Hindi pa sa usapin na dahil hindi mo masimulan ang isang akda, kundi dahil kailangan mong magkuwento ng mga trahedya, mga pagpaslang, gutom, ng kahirapan. Pasanin ang pagdokumento ng mga pangyayaring hindi pinapansin ng iba. Subalit may kapalit itong gantimpala, dahil walang mapa ang karanasan, ang akda ang nagsisilbing marka upang tukuyin ng isang manunulat kung ano na nga ba ang nilandas niyang mga katotohanan at samo’t-saring posibilidad ng buhay, paglikha, at oo, ng pakikibaka. Ayon kay Bulosan, hindi isang aksidente ang pagiging manunulat. Nangangailangan ito nang mahaba at mahirap na preparasyon, malay man o hindi ang indibidwal na ang landas ng panulat ang kanyang tatahakin na daan (“How My Stories Were Written,” 1971).

SOME NOTES ON MOTHERING AND TRUTH-TELLING

ANNA FELICIA C. SANCHEZ

FELLOW FOR FICTION, 57TH UPNWW

IN 2015, WHEN I was preparing my manuscript for submission to the UP Press, I asked my husband what he thought of “How to Pacify a Distraught Infant” as a title for the book. My first choice had been “Inventories,” after my favorite story in the collection, but it sounded too generic for a book; would another story’s title, “How to Pacify a Distraught Infant,” with its various significations, capture the spirit of my fiction collection more accurately?

Yes, he said, but it would alienate male readers.

I found myself asking—quietly, so as not to initiate yet another argument, which we always conducted in very loud English that must have brought no end of amusement to the neighbors—Is that really so? Not one of those six words is gendered. Does everyone think that any allusion to child-rearing relegates text to the exclusive domain of women? Does the title automatically imply femaleness? And if so, is that a bad thing?

I eventually went ahead and submitted the manuscript under the title I wanted. Incidentally, around a year later, my daughter and I stopped sharing our home with my husband.

I have been writing fiction for twenty-three years and will probably keep writing fiction for twenty-three more. What I am writing now, however, is memoiristic

nonfiction. I know of authors for whom genre doesn't matter much—a good story is a good story, and that is that—but as a fiction writer I am flummoxed by nonfiction, by its claims of truth, by its constraints, its self-exposure, and its brazenness.

Why have I begun to write it, then? Fiction is easier for me because I have been reading it and studying its elements and actually writing and publishing it for years, even decades. But it takes me forever to finish writing a short story because I enjoy the crafting of an unreality and seeing truth in it; when I am writing fiction, I feel my mind work itself to exhaustion grasping at the fleeting, flickering elements, nudging them gently but quickly into place before they are lost; I get a high from juggling contrivance and intuition, and from letting the fiction take over my mind entirely until I believe in it so badly that it tries to write itself. And because I delight in the discovery of a story and trying to write it as it unfolds, because I find an almost magical pleasure in the trance-like yet highly cognitive experience of it, I never finish writing a story quickly. Revision is even trickier, and takes even longer.

On the other hand, memoiristic creative nonfiction is almost unbearable to write, at least for me, having had little training and exposure to the genre other than professional writing. But once I come across a promising structure, the writing is relatively swift—not because I do not enjoy its risks, but because intuition plays a smaller role in my process here, the truths I want to give form to being already visible to me.

The difference, then, is in how I navigate the labyrinthian process of writing stories in these two genres. In fiction, I revel in feeling my way around, listening to echoes, touching damp surfaces and cool earth, chasing ephemeral shafts of light; in creative nonfiction, more often than not, I am eager to get out. Perhaps because sometimes, I literally weep while writing.

Joseph Campbell calls my affliction “the darkest night of the soul”—I call it grief that doesn't let go. It reminds me of Budgette Tan's bangungot creature in the *Trese* comics: not the heavy spirit that sits on your chest as you sleep, which Tan points out is a batibat, but the sweet-scented specter of a woman who, sensing your broken heart, wraps her slender hand around it to keep it from falling apart. When your heart doesn't heal, she clutches more tightly, desperately, and in the end it is her hand that kills you.

I call it clinical depression because I have had to, because I have needed a prescription and therapy sessions, because when I was young I had thought about suicide but became certain that it would be too painful to be worth it, or rather, because twenty years later I replaced that certainty with the illumination that the pain of death would be nothing compared to the pain of living. I have seen traces

of the disorder among the women of my mother's clan, though one great-uncle had actually shot himself in the head, to the shock and shame of the family, but what truly began its rise in me was the death of a close friend in 2013. His death made me pay closer attention to the numerical machinations of grief—how many days before I can think straight and avoid breaking down in front of my classes, how many days will it take me to stop crying in the school corridors, how many days will pass before the strange day comes when the world is suddenly bearable again. Perhaps grief had an evolutionary purpose, I thought. Then my husband lost his job again, the first female kittens I had raised and loved died, and the Faculty Center and literally everything I had collected and invested in for my intellectual life burned down, and my daughter still could not speak in the way I or the world could fully accept, and my husband remained oblivious to my needs, trapped as he was in his own fantasies and sorrows.

Years ago, having to write about writing, I turned to Margaret Atwood's *Negotiating with the Dead* and reveled in her checklist of reasons, pages and pages of it. In truth, her book's title sums it up best; in the final chapter she writes, "not just some, but all writing of the narrative kind, and perhaps all writing, is motivated, deep down, by a fear of and a fascination with mortality—by a desire to make the risky trip to the Underworld, and to bring something or someone back from the dead."

Now, my reasons for writing fiction remain multifaceted—I have written for and about the dead, but I also write to understand, to take and give pleasure, to both conceal and safely confront difficult truths, and so on and on and on. But I have embarked on the task of writing creative nonfiction—a field I have garnered no accolades in, and feel no safety in whatsoever—for one clear and simple reason. I write to give form to my grief.

What will readers of my nonfiction think of me, writing as I do about my daughter, my husband, about our strained relations? I am not so concerned about my husband's presence, or absence, in my stories, because he can tell, and has told, his own stories about us. But I am worried about my daughter, whose language impairment means that she is unable to comprehend the kind of sentences I write, that she can barely construct her own, which means when I write about her, I am inscribing her in my narrative, which means that while I might attempt to write about her, I will always end up writing about myself, and I do not know at this point if she will ever be able to wrestle her narrative back from me.

My nonfiction project is about my daughter, about mothering a child with disabilities, and this sort of writing presents a particular challenge that begins with

politics but manifests in craft. The popular discourse of disability is the tragic model, where the disabled becomes the object of pity; she stays that way or overcomes her disability, thereby becoming an inspiration. However, disabled scholars like Lois Keith argue that transcending disability is just another way of rendering disabled people invisible, as disability is often a part of what the person has become.

In the memoiristic pieces that I have been writing, including “Animal Book, for Yuuki,” I have been conscious of not only my mother-persona but the responsibility that wearing that mask entails. I do not want to come off simply as a suffering mother to a suffering daughter, because my daughter, by all accounts, is a happy child; on the other hand, I do suffer, but not simply because my daughter is disabled, but because of a host of other factors, ranging from the specificity of my depression to the fact that systemic sexism, classism, and ableism can make life almost intolerable. There is also the gendered aspect of mothering, and the various dilemma of writers who are also mothers.

But this is something I must admit: when she was born, I couldn’t write. Writing has never been easy for me; it has never been a talent or a gift; it has always been nothing more, and nothing less, than a need. When she was born, I didn’t need to write.

And I would have been content if she alone can grasp what she means to me, the way I have an inkling of what I am to my parents, by watching them all my life, by listening to their reckless anger and unending misery and quiet happiness. I would have been content to simply enjoy my time raising her; I would have been content to stop writing if it meant we could talk to each other.

But she can’t, and we can’t, not in the way that my world demands, where language defines the limits of reality, of thought, of love. And so, because she cannot understand the breathtaking complexity of my love for her, I must make myself understand, I must make my world understand.

That, more accurately, is why I write what I write.

HINGGIL SA PAGSUSULAT NG NOBELANG “HIGH SCHOOL”

BEVERLY SIY

FELLOW PARA SA SANAYSAY, 53RD UPNWW

MOTIBASYON

POOT ANG NAGTULAK sa akin para ituloy ang piyesang High School. Nag-umpisa ito bilang isang joke sa bahay namin, tapos tuloy ko na ngang itinala bilang personal na sanaysay. Ngayon, nag-evolve itong muli at isa nang fiction.

Madalas, for the past fourteen years, inaatake ako ng pagnanasang sumuko na lang bilang isang solo parent. Battered ka physically, mentally, emotionally and, of course, financially. Tama na, my gas. Biyernes Santo, araw-araw, 7 days a week? Tama na.

Pero wala naman akong masyadong pagpipilian. Hindi puwedeng i-display ang resulta ng malulupit na battering na ito sa bugtong na anak. O sa mga kapamilya at kaibigan. Kasi madalas, ako lang din ang source nila ng lakas. Kaya ang ganitong setup sa buhay ko, naming mag-ina, ang siyang dahilan kung bakit tinubuan ako ng kakaibang uri ng defense mechanism sa isip at sikmura:

Ang kaladkarin silang lahat sa aking mundo, ang mundo ng titik, salita, at pangungusap. Isyu, problema, bagay-bagay, alalahanin, tagumpay, pagkasadsad. Pasok!

Sa mundong ito, mas may kontrol ako. Ako ang nasa manibela. Ako ang pipili ng sasabihin ko, ng mga tauhan ko, at kung paano ko ito sasabihin o sila, paano nila sasabihin ang gusto nilang ipahayag. Ako ang maglalarawan sa lugar. Kung gusto ko silang pagtawanan, puwede! Ako ang ta-timing sa pagpasok ng anumang suliranin

o sa paglutas nito. Ako lahat. One point for me, zero for the team isyu, problema, bagay-bagay, alalahanin, tagumpay, pagkasadsad.

Isang nakalimbag na halimbawa nitong ginagawa ko ay ang horror story na “Bangis” (bahagi ng aklat na *Haunted Philippines* 8). Nang mamasyal kami ng mga kaibigan ko sa Sagada kasama ang aking anak, nakaaway ko ang nag-o-operate ng inn na tinuluyan namin. May dala akong water heater, kaya lang china-charge kami for the use of electricity. Sabi ko, o sige, di na namin ito gagamitin, paano kami maliligo? Nagbebenta kami ng mainit na tubig, anya. O, siya, pabili. Singkuwenta pesos daw. Pagdating ng tubig ay isang katiting na takore lang ang ibinigay sa amin. Akala ko, isang timba ang halagang singkuwenta! Sumisingasing sa init ang ulo ko, tamang-tama sa malamig na klima. Nang una naman kaming mag-order ng mountain tea sa kanilang restawran, inihain nila ito sa mapintog na teapot. Kinagabihan, nang mag-order kaming muli, ang mountain tea ay nasa iisang baso na lang, wala nang refill-refill whatsoever. Ito at marami pang nakakairitang pakikitungo ang naranasan ko.

Pagbaba mula sa trip na iyon, saktong may nag-alok sa grupo namin na magsulat ng horror book, ang Psicom Publishing. Sagada siyempre ang una naming naisip na setting ng mga horror story sa buong aklat. At kanya-kanya kami ng pili ng tourist spot na gagawan ng nakakatakot na kuwento. Ang pinili ko ay ang inn na tinuluyan namin. Siyempre pa, ginawa ko itong haunted at pinatay ko pa ang may-ari nito.

Dito sa aking mundo, libre ang maghamon ng pagtutuos.

Malaon ko nang gustong gawan ng masasamang bagay ang tatay ng aking anak. Literal. Literal na masasamang bagay tulad ng ipa-hitman, ipalason, etc. Napakalalim kasi ng sugat na idinudulot niya sa akin. (Kaya nga maaari ring isaalang-alang bilang autobiographical novel ang *High School*. Autobiographical ito kung ibabatay sa damdamin ko at ng bidang tauhan. Isama na natin ang mga plano ko at plano niya sa buhay. Ngunit fiction pa rin naman ito kung ibabatay sa events. Tulad ng akdang *Ellen Tebbits* ni katukayong Beverly Cleary.)

Ang mas masaklap pa sa sitwasyong ito ay pag nalilingat ako, mabilis na gumagapang ang sugat, umuuka papunta sa ulo ni EJ. Siyempre pa, ayokong mangyari ito. Ako na lang, ’wag na ang anak ko.

Kaya once and for all, at palagay ko nama’y handa na ako, si Ex naman ang kinaladkad ko sa aking mundo. Puwede ko nang gawin sa kanya anuman ang maibigan ko.

Pero, pero, pero hindi ko sinasabing puro pangit lang ang isinusulat ko. O tungkol lang sa mga taong maituturing na tinik sa lalamunan. Maging ang katangit-tanging mga tao sa buhay ko at ang maliligayang sandali na dulot nila ay pinipili ko ring ipasok sa aking mundo. Sa pamamagitan ng pagsusulat ko tungkol sa mga ito,

nabubuhay kong muli ang damdamin, ang kaligayahan. Nagta-times three tuloy nang walang ka-effort-effort ang magandang feelings na ito: kaligayahan sa aktuwal na pagdanas, kaligayahan sa pagsusulat tungkol dito (dahil nire-recount mo sa isip ang sweet and joyful moments), at kaligayahan pagkaraang maitala ang mga nangyari.

PAKSA

Ayoko nang lumayo pa. Buhay ng isang solo parent ang pinili kong paksa. Ito ang alam na alam ko. At isa pa, gusto ko namang sumulat tungkol dito na ang himig ay dark comedy. Madalas kasi, kung hindi dramatiko o melodramatiko, ang atake rito ay sobra namang comedy.

Ang pinili kong maging trabaho ng aking tauhan sa nobela ay manunulat/editor/proofreader. Tulad ko. Gusto ko sanang makapag-ambag sa “dokumentasyon” ng mga buhay nating creative writers na ayon kay Dr. Isagani R. Cruz sa kanyang introduksiyon sa aklat na *I Do or I Die* ni RJ Ledesma ay kadalasang underpaid, unpaid, unappreciated, at unwanted. Mula nang makapaglingkod ako bilang Executive Officer for Membership ng Filipinas Copyright Licensing Society noong 2010, mas namulat ako sa kaawa-awang kalagayan, buhay, at pagtrato ng iba sa mga kapwa natin manunulat, lalong-lalo na sa creative writers.

Pinararangalan tayo, binibigyan ng pagkilala, inaaral at iniidolo ngunit kadalasan ay hindi ito nagta-translate sa mas maalwang buhay para sa atin. Kabi-kabila ang paggamit sa ating akda nang walang pahintulot lalo na sa akda ng mga makata at mandudula. Sa tulang “Dispensa” ni Jose F. Lacaba, mababasa ang hinanakit ng persona sa walang harabas na paglalathala ng kanyang akda sa teksubuk:

Ang ibig sabihin
ng canon ay ito:
ang lumang obra maestra mo
ay muli’t muling
inilalathala sa mga teksubuk
nang walang bayad at walang pahintulot. . .

Tinapos ni Lacaba ang kanyang tula sa pagsasabing masaya ang makilala at mabigyang-parangal para sa inakda natin ngunit ’wag naman sanang kalimutan na ordinaryong mamamayan din ang mga manunulat. Sa mundo lamang ng titik, salita, at pangungusap tayo nagiging panginoon ngunit paglabas dito, ang pangangailangan nati’y gaya rin ng pangangailangan ng karaniwan.

Masarap sana ang canon.

Kung puwedeng ipambili ng ulam at kanin.

Ayon naman kay Prop. Reuel Aguila, naranasan niya ang magpunta (at magbayad ng tiket) sa isang palabas kung saan tampok ang kanyang dula. Gulat na gulat ang mga taong bumubuo sa produksiyon na siya pala, ang awtor ng kanilang dula, ay buhay pa! Kahit singko ay hindi siya binayaran ng nasabing produksiyon.

Kung humingi man ng pahintulot sa atin ang gagamit ng ating akda, wala namang pakundangan kung tumawad at mambarat, animo’y isda o baboy lang na kinikilo sa palengke ang hinihingi sa ating mga awtor. Nangyari ito sa tagapagmana ng copyright ng Pambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan na si NVM Gonzales. Ikinuwento ni Selma Cortes, isa sa mga anak ni NVM Gonzales, minsan ay tinatawaran ng isang publisher ang paglalathala sa akda ng kanyang ama. Imbes na P5000 (na siyang habilin ni NVM Gonzales noong nabubuhay pa ito) ay P2000 lang daw ang gustong ibayad sa kanila ng publisher. Nang hindi pumayag si Gng. Cortes ay nagpasya agad ang publisher na hindi na lamang daw isasama ang akda ni NVM Gonzales sa kanilang textbook. Sa ganitong mga pagkakataon, nilulukuban talaga ng lungkot si Gng. Cortes at naiinsulto siya nang husto. “Para kaming mga pulubi,” anya.

Layunin ng akdang High School ang maipakita at madokumento ang aspektong pangkabuhayan sa buhay ng isang manunulat. Detalyado ang mga gastusin sa akdang ito para matanto ng mambabasa na hindi iba sa pangangailangan niya ang pangangailangan nating mga manunulat. At. . . buhay pa, naghihikahos, in fact, ang marami sa atin.

HIMIG

Dark comedy ang pinili kong himig para sa piyesang ito. Perfect combo meal ang pagsasanib ng aking poot para sa nabanggit na tao sa itaas at ang likas kong pagiging masiyahin. Madali para sa akin ang magpatawa habang naglalagapak ng trahedya sa kuwento. Bakit? Dahil na rin sa mga naranasan ko. Anong gagawin mo kung ikaw ang nasa kalagayan ko, ilang ulit nang humingi ng sustento sa tatay ng anak, halos maglupasay at mamalimos para lang sustentuhan ang bata? At para bagang joke ang batas (ang RA 9262 o ang Anti-Violence Against Women and Children Act of 2004), dahil ayon sa officer of the day ng DSWD sa Mendiola, Maynila isang araw ng Oktubre 2010 na dumulog ako rito para ireklamo ang ex ko ng economic at emotional abuse (directed sa anak namin) at kay Bb. Vanessa Gluda at sa mga abogado ng Bantay Bata noong humingi ako ng tulong sa kanila noong Marso 2011, wala pang napaparusahan o nakukulong sa salang paglabag sa RA 9262 na may anggulong economic at/o emotional abuse. Gagastos lang daw ako sa pagdedemanda

pero sigurado raw na talo rin ako. Lalo na kapag wala raw akong katibayan na may trabaho nga ang lalaki. So nasa akin pa ang burden na magpatunay na may trabaho ang lalaki para mapilit ko siyang magsustento sa anak namin? Ako pa ang gagastos para magpaimbestiga at mangalap ng ebidensiya? Ano ako, tanga? Ay, di ikakain na lang naming mag-ina ang lahat ng para diyan!

Parang abyss, walang katapusan ang pagiging absurd ng sitwasyon namin. Didibdin ko ba ang lahat ng ito? Naku, hindi, hindin-hindi. Baka ikabaliw ko pa, hindi ba, ako rin ang talo. Tinawanan ko lang ito noon, tatawanan ko pa rin hanggang ngayon. Kaya nga patok sa akin si Mark Twain dahil sabi niya, “the secret source of humor. . . is not joy but sorrow.”

Tumagos ang ganito kong attitude maging sa aking akda. Narito ang tatlong dahilan kung bakit pinili ko ang himig na nakakatawa para sa High School.

Una, therapy. Therapeutic ang pagsusulat tungkol sa sarili. Pero di hamak na mas therapeutic naman 'yong habang nagsusulat tayo ay pinagtatawanan na lang natin ang negative feelings natin lalo na iyong feelings na tumubo at namunga sa dibdib natin once upon a time at dulot ng nakakasalubsob sa lungkot na sitwasyon. Ayon kay Melissa Hart, manunulat ng *Gringa*, isang nakakatawang memoir, “humor helps us deal with the difficult part of our past.”

Itong negative feelings tulad ng pagkadismaya, lumbay, inggit, selos at iba pa, kapag nahaluan ng humor, nagiging positive energy. Mas madali na siyang ilabas. Mas madali nang isulat.

Ikalawa, nakakatulong sa kapwa. Sa pamamagitan ng kuwento kong ito, nananalig akong natutulungan ko ang reader na makipag-deal din sa nakaraan at sa kanyang kasalukuyan sa mas magaan na paraan. Sabi nga sa introduksiyon ng aklat na *Writing about Oneself*: Let's help others define their own humanity.

Maaaring tadtad din ng napakahirap na mga kabanata ang buhay ng isang reader. Kung pareho kami ng pinagdadaanan o kahit na may similarity lang ang aming mga buhay at makita niyang nakakaalpas ako rito at pinagtatawanan ko na lang ito ngayon sa pamamagitan ng paglikha ng mga kuwento tungkol sa mga gagong tao, chances are, mai-inspire ang reader ko na makipag-deal na rin sa kanyang nakaraan o kasalukuyan sa tulong ng isang timbang humor. Masasalok niya ang moral lesson na: mas madali nga naman ang buhay-buhay kung ang puso ay laging nakabungisngis.

Sabi nga ni Anne Fine, manunulat ng mga akdang pambata, “. . . I wrote a little comedy—Ivan the Terrible—and doing so made me feel so much better. Humor is a healing art, both for the reader and the writer.”

Ikatlo, livelihood. Sa US, ayon kay Raymond Obstfeld, isang manunulat mula sa California at may akda ng dalawampu't pitong nobela sa iba't ibang genre, mas

mahirap ibenta ang akdang may humor kaysa doon sa may drama o suspense o action. Pero dito sa Pilipinas, humorous works are IN. Ayon sa National Book Development Board Readership Survey 2012, ang humor ay nasa top 5 ng mga non-school books read o NSB. (Ang top 1 ay Bible.) Ang NSB ay mga babasahin na binabasa ng adult Filipino kahit hindi ito i-require o ni-require sa paaralan. Malaki ang market ng humorous works.

Marahil ay dahil sa matagal nang seryoso at malulungkutin ang mga libro sa Pinas. Pag sinabing libro, ang mga unang pumapasok sa isip natin ay ang magkapatid na *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* at ang mag-among *Ibong Adarna* at *Florante at Laura*. Ipinapakilala ang mga librong ito sa mabigat na paraan kakambal ng mabigat na mga project, skit, at book report.

One in a million ang teacher na magbibigay ng humorous na akda para pagbatayan ng project, skit, o book report. Kaya naman, pagdating ng mga libro nina Jessica Zafra, Bob Ong, RJ Ledesma, Eros Atalia, at iba pa, buong-buong niyakap natin ang mga ito. Wow, light. Wow, nakakatawa. Sa wakas.

Ang meron at marami tayo sa ngayon ay joke books, compilations ng mga nakakatawang quotation at “funny” comics tulad ng *Pugad Baboy* at ang *Kikomachine* ni Manix Abrera at mga sanaysay. Pero bihira ang humorous fiction. Hindi ko alam kung bakit!

Ayon kay Sir Abdon Balde, Jr., na isang consultant sa National Book Store, umabot na sa 500,000 ang sales ng mga libro ni Bob Ong. Humor at wit ang ilan sa mga puhunan ni B.O. Malaki ang kalahating milyon na sales ng libro rito sa bayan nating sawi kung saan ang bentang isang libong kopya ng libro ay itinuturing nang best seller at himala at the same time.

SUBCATEGORY

At bakit naman dark humor o dark comedy ang napili kong uri ng pagpapatawa?

Sa tingin ko kasi ay mas memorable ito sa reader. Mas dumidikit sa alaala ang mga eksenang may dark humor. Ayon pa sa young adult writer na si Sharon Creech sa panayam sa kanya hinggil sa pagiging manunulat ng comedy, “humor is stronger or more potent when it is juxtaposed with sorrow.” Kapag nakakatawa ka, mahirap kang malimutan ng tao. Pero kung nakakatawa ka dahil nakakatakot ka o nakakadiri ka or nakakalungkot ka, mas mahirap kang malimutan ng tao.

Sa kasalukuyan, mangilan-ngilang Filipino writers ang may ganitong uri ng himig. Siyempre number one na diyan si Bob Ong. Ang kanyang *Lumayo Ka Nga Sa Akin* na koleksiyon ng mga screenplay ay maituturing na dark humor ang himig dahil sa pagbatikos ng mismong akda (sa nakakatawang paraan) sa mga icon ng

popular culture tulad ng sine. Nariyan din ang aklat ni Jessica Zafra na *500 People You Meet in Hell* na koleksiyon naman ng maiikling sanaysay. Karamihan naman sa mga akda ni Eros Atalia sa *Wag Lang Di Makaraos*, na koleksiyon ng dagli, ay may himig din ng dark humor. Pati ang *60 Zens* ni Abdon Balde, Jr. na isang koleksiyon ng mga tula, sanaysay, at jokes. Pagtawanan ba naman ang pagtanda at paghahanda sa sariling kamatayan?

Ngayon, gusto ko namang testingin ang himig na ito sa nobela. Nobelang all through out ay dark humor. Ma-maintain kaya nito ang interes ng mambabasa? Bebenta kaya ito sa mga Pinoy? Teka, may matatawa nga ba?

Bakit naman wala?

Para lang makatawid sa araw-araw nating dark, humor nga ang kailangan nating lahat.

SANGGUNIAN

- Aguila, Reuel. 2011. Di-pormal na panayam ng may akda sa Alfonso Hotel, Alfonso, Cavite.
- Cortes, Selma. 2012. Panayam ng may akda para sa FILCOLS sa Gonzales Residence, UP Diliman, Quezon City.
- Garis, Robert, ed. 1965. "Introduction." *Writing About Oneself*. U.S.: D.C Heath and Company.
- Hart, Melissa. Panayam sa kanya ng isang kapwa manunulat. Natagpuan ko dito ang panayam: http://www.writingshow.com/podcasts/Melissa_Hart.mp3
- Lacaba, Jose F. 2000. "Dispensa." *Edad Medya Mga Tula sa Katanghaliang Gulang*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
- Cruz, Isagani R. 2008. "Introduction." *Lies My Yaya Should Have Told Me: RJ Ledesma's Imaginary Guide to Whine and Women*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
- Marcus, Leonard, ed. 2009. *Funny Business Conversations with Writers of Comedy*. Massachusetts, U.S.: Candlewick Press, 2009.
- NBDB Readership Survey 2012. Makikita ang highlights ng survey sa kanilang website o sa link na ito: http://nbdb.gov.ph/images/Downloads/The_NBDB_Readership_Survey_2012.pdf
- Obstfeld, Raymond. 2000. *Novelist's Essential Guide to Crafting Scenes*. Ohio, U.S.: Writer's Digest Books.

MGA TULANG-LIHAM SA LALAKING SASAKSAK SA AKIN: ILANG TALA TUNGKOL SA KOLEKSIYONG “BALIW SA PAG-IBIG”

JOHN IREMIL TEODORO

FELLOW PARA SA TULA, 50TH UPNWW

KUNG ANG LALAKING makatang si Mike Bigornia ay sinasabing “bisyo ang pag-ibig” at ang sabi naman ng iniidolo kong babaeng makata na si Rebecca Añonuevo na siya ay “lasing sa pag-ibig,” ako naman na isang makatang bading ay “baliw sa pag-ibig.”

Kung makata ka, wala ka naman talagang kawala kundi isakodigo ang iyong buhay sa mga tula. Lahat ng tula ay personal. Kaya ang pagtutula ay isang uri ng pagsulat ng iyong talambuhay at pagmapa ng iyong mga paglalakbay—pisikal man ito, sikolohikal, o espiritwal. Kaya ang simpleng tula ay nagiging sagradong tulang-binalaybay.

Ibang usapan siyempre kung ang ideya mo ng pagsusulat ay isang paraan ng pagpapasikat ng iyong galing at talino kung kaya sumusulat ka ng mga tula upang manalo ng award at purihin ng mga kritiko. Kaya maraming makata ang inihiwasan ang mga madamdaming tula ng pag-ibig sapagkat akala nila imposible ang pagtitimpi sa tula ng pag-ibig.

Ano pa nga ba ang hihigit sa pag-ibig bilang karanasan nating mga tao? Wala na, wala na nga talaga. Kaya tama talaga si Rolando Tinio sa pagsabing “pag-ibig ang una’t huling paksa ng makata.” Kaya ang mga dakilang tula sa mundo ay tungkol sa pag-ibig. Kung kaya ang mga paborito nating tula ay mga tula ng pag-ibig.

Nitong Peberero lamang ng taong ito, naisip kong ipunin sa isang koleksiyon ang mga tula ko ng pag-ibig—erotiko man o emo; dalisay man o medyo bastos. Habang

ini-enkows ko ang ilan sa mga tula at nag-iisip ako ng pamagat, iisang parirala lamang ang pumapasok sa aking isipan—“Baliw sa Pag-ibig.”

Noong una parang ayaw ko dahil napakaordinaryo ang dating. Pero agad ko rin namang naisip—payak man subalit puno ng sinseridad kagaya ng mga tula kong isasama sa koleksiyon. Baliw sa pag-ibig.

Wala akong deyt noong Araw ng mga Puso. Bitter-biteran ang drama ko sa bahay. Paggising ko sa umaga, mga ala-singko, may tula na sa aking sinapupunan. Kaya binuksan ko na ang aking netbook at nagsimulang sumulat ng isang tula kung saan gagamitin ko ang pariralang “baliw sa pag-ibig.”

*Ngayong araw ng mga puso
Nagkulong ako sa bahay
At hinanap ang kopya
Ng mga tula ko ng pag-ibig.
Naisip ko puwede nang
Maging libro ang mga iyon.
Malay natin maging best seller,
Pagkaperahan ko pa
Ang aking kalungkutan
At pagka-ilusyunada.
Naghanap ako rito
Sa bago kong netbook.
Naghanap din ako
Sa luma kong laptop
Na nakatago na sa isang kahon
Sa kusina kasama ang mga bote
Ng red wine na ewan ko ba
Hindi ko pa rin tinatapon.
Naghanap din ako sa
Isang plastik na kahon
Na nakatago sa ilalim ng hagdanan.
Inisa-isa ko rin ang mga folder
Sa mga bookshelf.
Maghahanap din sana ako
Sa loob ng ref at oven
Subalit pinigilan ko ang sarili.
Naghanap din ako sa ilalim*

*Ng sala set pero wala namang
Nakatago roon
Kundi mga balahibo lamang
Ng aso kong makulit
At alikabok na ilang linggo nang
Di nawawalis. Napahatsing
Tuloy ako. Subalit
Ayaw ko pa ring tumigil
Sa paghahanap. Parang
Gusto kong maghukay
Sa maliit kong hardin
Sa likod ng bahay.
Baka kasi may inilibing akong
Isang baul ng mga tula roon.
Matagal na kasi akong
Nagsusulat ng mga tula
Para sa mga lalaking
Aking napupusuan
Alam man nila o hindi,
Naging mabait man sa akin
O hindi at itong matabang
Katawan ko lang pala
Ang habol nila
O kaya'y itong wallet ko
Kaya di ko masyadong iniisip
Kasi masaket syet. Syet
Talaga! Inabot ako ng takipsilim
Bago naipon lahat.
Aba, sitenta sila. Tamang-tama
Na isang libro. Nag-isip ako
Ng pamagat. Nainis ako sa sarili ko
At natawa. Para kasing hindi ako
Award-winning writer
At may MFA sa La Salle.
Ito lang kasi ang naiisip ko:
Baliw sa Pag-ibig!*

Madugo ang pag-ibig ng bading sa isang lipunang patriyarkal at heteroseksuwal. Palaging sablay. Palaging umiibig sa mga taong hindi dapat ibigin dahil imposibleng tugunan ang pag-ibig na inihahain. Maraming dahilan—sobrang bata, sobrang guwapo, sobrang yaman, sobrang macho, sobrang suplado, may siyotang babae, may siyotang lalaki, may asawa, o lalaki lang talaga na ayaw sa bading o kapuwa lalaki. Ang sabi nga ng isang bading kong kaibigang taga-Puerto Princesa na si Tong sa mga tila imposibleng pag-ibig na ganito: “Huwag mamangka sa gitna ng kalsada. Hindi ka na nga uusad, magmumukha ka pang tanga!” Oo nga naman. Ang mga melodramatikong one-sided na bading na pag-ibig ay isang pamamangka sa gitna ng kalsada.

Magtatatlumpu’t walong taong gulang na ako ngayong taon. Kaya ko nang tirisin, gaya ng pagtiris ko ng mga garapata ng aking aso, ang mga tumutubong one-sided na pag-ibig sa aking kasingkasing. Hindi ko na masyadong pinapayagan ang sarili kong makilig sa isang lalaki. Natuto na akong pekehin ang mga emosyon gaya ng pag-ibig. Natutuhan ko nang ariing mga mangingibig ang mga lalaking nakakaniig sa konteksto lamang ng pagtatagpo ng aming katawan. Kung may iniibig man akong lalaki ngayon, ito ay isang lalaking nasa imahinasyon ko lamang sapagkat siya ay perpekto. Perpekto dahil likha lamang siya ng isipan ko. Kaya baliw ako sa pag-ibig.

Tumatanda na ako at kung minsan masyado nang malungkot ang buhay. Naiinggit ako sa mga kaklase, kamag-anak, at kakilalang ka-edad ko na may mga pamilya na. Nitong Enero lamang, nakita ko sa Facebook ang larawan ng bagong bahay ng isang dating kaibigang lalaki noong nasa kolehiyo pa lamang ako. Tawagin na lamang natin siyang si Joshua.

Makata rin si Joshua. Nang magkakilala kami, isa siyang sikat na estudyante ng Arkitektura sa aming unibersidad sa Lungsod Iloilo sapagkat bukod sa matalino at editor ng kanilang magasing pang-estudyante, isa rin siyang atleta na nilangoy ang dagat sa pagitan ng Lungsod Iloilo at Isla Guimaras. Nang naging arkitek na siya, nagtrabaho siya sa ibang bansa para mag-ipon ng pera. Ngayon, may tatlo na siyang anak at may architectural firm na sa Iloilo. At iyon nga, may malaking bahay na at napakaganda ng disenyo dahil dream house niya ito bilang arkitekto.

Nainggit ako habang tinitingnan ang larawan nilang magpamilya sa bago nilang bahay. Siyempre masaya ako para sa kanila pero naiinggit pa rin ako. “Beautiful family in a beautiful house,” sinserong comment ko sa Facebook. Nang sumunod na araw, nagpasalamat si Joshua at may dugtong na, “Tinitingnan mo pala ang mga pix ko sa FB ha.”

Alam ni Joshua na in love ako sa kaniya noong nasa kolehiyo pa kami dahil minsan, noong nasa ibang bansa siya, nakatanggap ako ng email ng pangungumusta mula sa kaniya. Nagkataong nalulungkot ako nang mga oras na iyon at bigla kong

sinulat sa kaniya na crush na crush at in love ako sa kaniya noong nasa kolehiyo kami. Tinago ko lang dahil hindi pa ako matapang noon. Sagot niya, oo, alam daw niya. Kaya loaded ang dating sa akin ng mensahe niyang, “Tinitingnan mo pala ang mga pix ko sa FB ha.”

Sa ngayon hindi na ako in love sa kaniya. Marami na akong minahal na lalaki mula nang nagtapos kami sa kolehiyo. Tinatamad lang ako sabihin ito sa kaniya. Para ano? Baka isipin lamang niyang bitter ako. (Na kahit totoo ay hinding-hindi ko aaminin sa kaniya. Echuserang palaka!) Hindi ko na siya mahal subalit naiinggit lang ako at nanghihinayang. Naisip ko kasi, siguro kung naging babae ako at pinikot ko siya noong nasa college pa kami, akin na ang malaki at magandang bahay na iyon sa Iloilo! Sayang ang bahay. Hindi siya. Charuz!

Sa mga pagkakataong ganito, natatakot ako. Baka tuluyan na nga akong mabaliw dahil sa lungkot na dulot ng mga naunsiyami kong pag-ibig. Oo, mahilig akong mamangka sa gitna ng kalsada.

Ang kinatatakutan ko sa lahat ay paano kung dumating ang isang sandaling lungkot na lungkot ako, lababas ako at maghahanap ng panandaliang aliw at pag-ibig sa bisig ng isang estranghero sa dilim? Paano kung holdaper pala ang natagpuan ko? Paano kung may galit pala ito sa mga bading? Paano kung dinala ko siya sa isang nirentahang silid o sa bahay ko at patayin niya ako? Sasaksakin nang maraming beses hanggang sa malagutan ng hininga? Napakalaking eskandalo nito. Kawawa ang aking mga magulang at kapatid. Malulungkot ang mga kaibigan ko. Paano ang mga estudyanteng maiiwan ko sa gitna ng semestre?

Marami nang mga kahindik-hindik na kuwento tungkol sa mga bading na marahas na pinatay sa sariling bahay dahil nagdala ng lalaki. Mabuti na lamang at duwag ako. Hindi pa ako nagdadala ng lalaki sa bahay. Pero paano nga kung isang gabi hindi ko na makayanan ang labis na pangangailangan ng kaluluwa ko’t katawan? Isa ito sa mga kinatatakutan ko. Iisipin ko pa lamang, nakakabaliw na.

Ang taong baliw sa pag-ibig na tulad ko ay laging iibig. Dahil makata ako, susulat ako ng mga tula ng pag-ibig. Dahil bading ako, tungkol sa bading na pag-ibig ang aking isusulat. Ang bading na pag-ibig ay laging madugo. Sinulat ko ang tulang “Sa Lalaking Sasaksak sa Akin” bilang pakiusap at babala sa mga lalaking iibigin ko—panandalian man o pangmatagalan.

Ilang saksak ba ang kaya mong ilagda

Sa katawan kong nabubuhay lamang sa tula?

Kung iisang saksak lamang

Baka di sapat upang malagutan ako ng hininga.

*Baka maospital lang ako at humanda ka
Kapag ako'y magaling na
Susulat ako ng tulang-sumpa para sa 'yo.
Kung tatlong saksak naman
Para itong "i luv u,"
Malilito lamang ang katawan ko
Sa mensaheng ipinararating mo.
Kung pitong saksak naman
Baka di ako mamamatay.
Suwerte kasing numero
Tiyak may milagro.
Kung siyam na saksak naman
Sigurado akong hindi ako mamamatay.
Siyam kasi ang buhay
Ng mga pusang makatang bading na katulad ko.
Paulit-ulit akong mamamatay at mabubuhay
Sa halit ng lason ng pagmamahal.
Kung labintatlong saksak naman,
Aba, ikaw na ang mamalasin.
Habambuhay kang tutugisin
Ng itim na talinghaga ng pag-ibig.
Kailanman ay hindi ka liligaya
Sa bisig ng taong iniibig.
Ngayon, kung alam mo na
Kung ilang beses mo ako dapat saksakin
Upang masigurong mawawalan ng ritmo
Ang mga taludtod sa puso ko at puson,
Katulad ng pagkaalam natin
Kung ilang pantig mayroon
Ang isang soneto ng pag-ibig,
Sige, saksakin mo na ako ngayon
Habang iniibig pa kita
Habang inaawit pa ng aking balat
Ang pagsuyo't pagmamahal na dala
Ng pansamantalang pagtatagpo
Ng ating katawan at kaluluwa.
Sa susunod na linggo*

*Kung matatagpuan na nila ang bangkay ko,
Maaamoy ng buong mundo
Ang kakaibang bango
Ng binalaybay ng pag-ibig ko.*

Ang librong ito ay hindi lamang personal kong testamento bilang bading na makatang baliw sa pag-ibig kundi testamento rin ito ng lahat ng mga bading na sinusubukang maging matatag sa buhay kahit madugo para sa amin ang umibig. Mawala man lahat, maiiwan pa rin at mananatiling buhay ang mga tula ng pag-ibig. Ganoon ang aking pananalig.

[27 Pebrero 2011, Calumpit, Bulacan]

ANG DULA BILANG PANITIKAN

RODOLFO VERA

FELLOW PARA SA DULA, 51ST UPNWW

SA ISANG SESSION ng Writer's Bloc, noong buhay pa si Rene Villanueva, naging di pangkaraniwan ang init ng diskusyon naming dalawa tungkol sa dula bilang panitikan. Sa bahay niya ginanap ang session na ito noon. Linggo kami nagkita-kita at bagama't bihirang uminom ang mga miyembro, di ko na matandaan kung ano ang ipinagdiriwang namin noong araw na iyon at may nagpasa ng ilang bote ng beer. At kahit hindi ako umiinom, namumula kaming nagbabalitaktakan kung ano nga ba ang pangunahing esensiya ng dula: drama ba ito o panitikan? Napaka-importante para kay Rene na ang dulang isinusulat niya ay bahagi ng mundo ng panitikan. "Panitikan muna iyan bago ipalabas at panitikan iyan kahit hindi ipalabas. Dapat magtagumpay muna ang dula bilang panitikan," sabi niya nang may buong pagmamalaki at katiyakan. Sa isip ko noon, kalakip ng bahagyang katotohanan ng mga salitang iyon ay may bahagya rin akong naramdamang kayabangan. Wala na nga sigurong mas hihigit pa sa ego ng isang manunulat (bukod marahil sa isang artista). At hindi lang basta manunulat kundi manlilikha ng panitikan. Sapagkat mula sa mga sinabi ni Rene, mararamdaman mong ang bawat salitang isusulat niya, ang pagkakaorganisa ng mga salitang ito, ang kidlat at kulog na lilikhain nito kapag naihanay nang isa-isa't bumuo ng kahulugan, ng talinghaga, ng pananaw, ng lalim at butas sa malaking misteryo ng Buhay, ay isa nang ambag sa daigdig ng panitikan.

"Wala akong pakialam kung ipalabas ito, kung paano ito ipalabas, kung sino ang aarte sa mga papel, kung paano ito ididirek ng direktor—problema niya na iyan—

basta naisulat ko—'yon na 'yon," sabi pa niya, puno ng simbuyo ng damdamin na lalo pang pinaigting ng ikalawang bote ng beer. Hindi siya nakatingin sa akin. Hindi siya nakatingin kahit kanino. Isinasambulat lang niya ito sa maliit na espasyong kinauupuan namin. Isang deklarasyon ng isang manunulat na tila may halong paghahamon sa kapwa niya mandudula na nakapiligid sa kanya na basta sumulat lamang ng dula, lumikha ng isang akda bilang alay sa malawak na kawa ng Panitikan. Na para bang sa ganoong paraan ang likhang iyan ay may angking sariling palo na siyang magdadala sa may-akda sa harap ng pedestal ng mga musa.

Naalala ko ang pinagmulan ng diskusyong ito. Iginigiit niya kasi noon sa Writer's Bloc na mag-publish ang mga miyembro ng kanilang mga dula. Importante, aniya, na makabuo kami ng maraming publication ng mga dulang sinulat ng Bloc. Tungo marahil sa pagbubuo ng isang canon ng mga akda na maaaring maging batayan ng tunguhin ng Dulaang Pilipino. May ilang sumang-ayon, nagkibit-balikat at nag-akalang isa lamang itong pangkalahatang hinaing ng mga manunulat—dula man o maikling kuwento, nobela, o tula. 'Pagkat sino nga bang manunulat ang ayaw ma-publish? Pero hindi, nagpatuloy si Rene sa pag-usig sa mga aspiring playwright ng Bloc na sumulat para mai-publish at maihanay sila sa larangan ng mga alagad ng panitikan sa Pilipinas. Isali ang mga ito sa Palanca Awards, ang tanging timpalak na nagbibigay ng premyo sa magwawaging mandudula, kahit kung ang akdang ito'y ipalabas man o hindi.

Ako yata ang nagsimulang pumakli ng, "E, kakaunting publishing house lang naman ang gustong mag-publish ng mga dula. Kasi wala namang nagbabasa ng dula." Doon nga. Doon nagsimula ang diskusyong ikinapula ng mga pisngi ni Rene. At sa itinakbo ng diskusyong iyon, tuwirang magkasalungat kami ng tindig.

Dahil para sa akin, na lumaki at natutong magsulat ng dula sa ilalim ng Philippine Educational Theater Association o PETA, hindi naging pangunahing layunin ang sumulat para ito'y gawing libro. Naging mas importante sa akin na ito muna'y itanghal. Kapaloob sa tagumpay ng dulang maging isang akdang pampanitikan ay ang tagumpay nitong maisaentablado. Ang malaking puwang ng drama o teatro sa panitikan ay napagdudugtong ng tulay ng produksiyon. Ganoon ako pinalaki bilang mandudula. Ganoon ko nakita kung paano umunlad ang pagsusulat ko ng dula.

Ang tanong ko, ano ba talaga ang ibig sabihin ng katagang, "magtagumpay muna bilang panitikan"? Kailan ba masasabing nagtagumpay bilang panitikan ang isang akda? Kapag ito'y naisulat? O kapag ito'y nabasa na? Sino ang magtatakda ng tagumpay? Ano ang mga pamantayan ng tagumpay na iyan? At totoo bang kapag nagtagumpay ang isang dulang isinulat bilang panitikan, awtomatikong magtatagumpay rin ito bilang drama? Alin ang mas nagbibigay halaga sa isang dula?

Sa mahigit limampung taong idinaos ang Palanca Awards, mangilan-ngilan ang nagtagumpay nang sabay sa larangan ng Teatro at Panitikan.

Sa mainit na diskusyon sa maalinsangang Linggong iyon, sinabi ko, “Kaya nga playwright at hindi scriptwriter ang tawag sa atin. Dahil literal tayong bumubuo ng dula, hindi lang basta nagsusulat. At kahit sa pagsulat mismo ng iskrip, dadalawa lang ang paraang puwede mong gamitin: stage direction at dialogue. Hindi ba sabi mo noon, hindi kailangang maging mabulaklak ang stage direction na para kang sumusulat ng maikling kuwento o nobela? Dahil ang layunin naman ng stage direction ay upang bigyan ng malinaw na bilin ang artista at direktor kung ano ang dapat nilang gawin sa entablado?” Bagama’t may ilan rin namang mga mandudulang malalaki ang ulo at hayagang pinahahaba ang mga stage direction ng mga dula nila, tulad halimbawa ni George Bernard Shaw, kung minsan. O di kaya’y tulad ni Nick Joaquin na nagbilin sa sinumang babasa sa kanyang *A Portrait of the Artist as a Filipino* na ituring ito bilang isang nobela. “Kung ano’t anuman,” sabi ko kay Rene, “kahit naman gaano ka kasinop sa pagsulat ng stage direction, madalas, hindi rin naman nasusunod sa produksiyon dahil, hindi naman naisip ng mandudula halimbawa, na mahirap nga namang magpagawa ng barkong dadaong sa pier lalo pa’t kung ang budget ng produksiyon ay ni hindi sapat para magpagawa ng kahit kapisangong bangka.”

“Sa pagsulat ng dula, sino ba ang kausap ko? Hindi ba ang aarte at ang magdidirek nito? Maging ang pagbabasa ng dula ay may kakaibang paraan at lapit ng pagbabasa. Wala pa akong nakitang best \seller hit na dula sa mga bookstore, liban na lang kung ito’y required reading sa mga eskuwelahan tulad halimbawa ng mga akda ni Shakespeare.” At sa pagkakaalam ko, noong isinulat ni Shakespeare ang kaniyang mga obra, ni hindi pumasok sa isip niyang i-publish muna ito, o nilayong magtagumpay muna ito bilang panitikan.

“Stage direction lang at dialogue ang gamit ko para maghayag ng kuwento,” sabi ko kay Rene. “Wala itong masyadong pinag-iba sa pagsulat ng cookbook. Ang mga sinusulat natin, sabi ko, ay mga ‘recipe’ na kung tama ang luto, harinawa’y maging isang bonggang production. At pagkatapos na ito’y maitanghal, ang mga salitang nanatili sa alaala ng manonood, bilang mga salitang binigkas at binigyang himig ng aktor, ay maaaring sumaboy sa kolektibong alaala ng komunidad. At kapag ito’y nailimbag at muling naipalabas at muling manamnam sa entablado at pahina—hindi ba saka lamang natin tiyak na masasabing nagtagumpay nga ang dula bilang panitikan? At tulad sa isang recipe, paano natin masasabing nagtagumpay na nga ito bilang ambag sa tradisyon ng culinary arts kung ito’y binasa lamang at hindi sinubukang lutuin?”

“Bakit, ako, mahilig akong magbasa ng recipe kahit hindi ako marunong magluto,” ang sagot niya sa akin. Napakunot ako ng noo. Hindi ko alam kung seryoso siya o nang-aasar lang. May katahimikang namayani at nagmuni nang matagal ang mga tao sa paligid. Ayun pala’y sinisikap ng mga nakikinig sa amin na halukayin ang lalim ng kahulugan ng sinabi ni Rene. Nagpatuloy siya, “Mananamnam ko ang sarap ng luto sa isip ko. Maaamoy ko ang ginigisang kamatis at bawang at maririnig ko ang tilamsik ng mantika kapag sinimulan ko nang iprito ang manok na ibinabad sa toyo at suka. Hindi ba ganoon din naman ang pagbasa ng panitikan? Ikaw na mambabasa ang siyang magluluto niyan sa utak mo. At ikaw na rin ang huhugot ng sarap!”

“Hindi ka nga marunong magluto,” ang tanging nasabi ko sa sarili. Pero sa loob-loob ko ang gusto ko isagot ay, “Maaari nga, pero napakapambihira na siguro ng literary comprehension powers ko para tuwirang malanghap ang sarap ng amoy ng adobo mientras napakasimple at talagang mas praktikal kung mamamalengke ako’t lulutuin ito, at titikman saka mapatunayang, oo, masarap siya. Isa siyang akdang pampanitikan!”

’Pagkat ganoon naman ang iskrip na isinusulat natin, di ba? Humihingi—hindi—nagsusumamo itong maitanghal ’pagkat ang mga dialogue na nakasulat sa papel ay hindi kasing lutong kaysa kapag ito’y sinambit mismo ng artistang gaganap. At humihingi ito ng mukhang magpapatulo ng isang luha sa kanan—hindi—sa kaliwa dahil hindi makikita ng pinakamalapit na audience. Gusto nitong marinig ang perpektong taghoy kapag nalaman ng tauhang patay na ang kanyang pinakamamahal na asawa. Ang paraan ng pagkakahiyaw ng salitang sasambitin, kahit ito’y naka-all caps sa pahina ng iskrip, ay kailangang marinig at mapanood. ’Pagkat tulad din ng musical score na puro notang umiindayog sa papel—ay halos walang dating kumpara sa tugtog ng orkestra.

Hindi ko alam kung ang kayabangan ng isang manunulat ay nasasaling dahil ang prosesong dinaraan ng unang borador ng isinulat niyang iskrip ay kailangang dumaan sa dila, boses, at lantik ng katawan ng artista, laway at taas ng kilay ng direktor. Na tuwing pinapalitan ng isang artista ang kanyang dialogue dahil sanay itong mag-improvise ng mga linya ay nagdurugo ang puso ng nagsulat. O, mas higit diyan, ay kapag may napitas na mas magandang paraan ng pagkakasabi ang artista kaysa sa mga linyang sinulat dahil mas tumbok ng aksidenteng pangungusap na gamit niya ang kahulugang gusto sanang ipahiwatig ng nagsulat; bukod diya’y lalo pang dumulas ang linya, na siyang ikinatuwa ng direktor, at ikinatuwa rin ng manonood!

Dito sa palagay ko, naghihiwalay kami ng landas ni Rene. ’Pagkat ako ay mandudulang hindi gustong manood ng ensayo ng isinulat ko dahil lamang

ipinagdiriwang ng produksiyon ang tagumpay ng akda bilang panitikan, kundi gusto kong malaman kung ang binubuo kong dula ay tumatayo bilang teatro, bilang drama nang sa ganoon sa harap ng altar ng panitikan, maging tunay itong karapat-dapat. May pagpapakumbaba akong uupo at manonood habang sumasakit ang tenga ko kung sakaling hindi madulas ang pagkakabigkas ng isang linya. At pagkaraan ng ilang diskusyon ay posible kong amining, oo nga, hindi nga siya madulas, bakit di ko kaya subukang ganito ang linya? Kailan titigil sa gitna ng pangungusap? Ang lutong ng mura ay di dapat singlutong ng mura ng isang sanggano, kundi lutong ng mura ng isang taong noon lamang nakapagmura. Kailangan ko ng artista para matantiya ang tamang timpla ng tunog ng salitang iyan. At kung hindi umepekto, baka dapat palitan mismo ang salita para lalong humiwa sa damdamin.

Ang pagsusulat ko ng dula ay hindi natatapos sa pagtipa ko ng salitang Wakas sa aking iskrip. Nagpapatuloy ito sa rehearsal. Nakikita ko kung umuubra ang mahabang eksenang ito o bumabagal ang eksenang iyon. Nakikita ko ang problema ng dramaturhiya at estruktura dahil sa tulong ng mga artista at direktor habang nag-i-ensayo. Doon ako sa ensayo higit kailanman gising at alerto. Gusto kong malaman kung, tulad sa isang disenyong pang-arkitektura, ang totoong bahay ay tatayo at maganda.

'Pagkat nakapaloob sa produksiyon, sa kulay ng boses ng artista, sa porma ng kanyang katawan, ang potensiyal at katuparan ng dulang isinusulat ko. Bilang drama at panitikan. At kung makumbinsi akong problema ito ng tekstong isinulat ko, kailangan itong rebisahin. Kasama ang buong proseso ng ensayo sa pagsusulat ko ng dula. Importanteng bahagi ang mga miyembro ng produksiyon sa pagsusulat na ito. 'Pagkat hindi ko tinitingnan bilang hadlang o panganib sa pagsusulat ko ang anumang ambag na maaaring maidagdag ng mga miyembro ng produksiyon sa patuloy na pagbubuo ng dula. Kung kaya't wala akong malaking isyu kung ipakiusap sa akin ng direktor o ng artista na kung maaaring palitan ang linyang ito, o baguhin ang eksenang iyon. Ako pa rin naman ang magpupumilit na baguhin ito o magpasyang huwag ito baguhin. Pero hindi sa dahilang ang isinulat ko'y nagtagumpay na bilang panitikan, kundi sa dahilang, kailangang magtagumpay muna siya sa entablado.

Kapag naitanghal na ito, malamang marami pa rin akong makikitang pagkukulang na dapat punuan. At maaari ko pa ring ipagpatuloy ang pagpapakinis o pagpapayaman ng dulang isinilang na sa entablado. Hanggang ito'y pagyamanin ng iba pang produksiyon. Pero para sa akin, anumang paglalakbay ang tahakin ng dula ko patungo sa larangan ng panitikan ay kailangang dumaan sa masalimuot na proseso ng pagsilang ng dula sa tanghalan.

Ang isang mandudulang tulad ko ay nakatindig sa dalawang larangan. Ang

kaliwang paa ko ay nasa larangan ng teatro, ng performing arts, ng drama. At ang kanang paa naman ay nasa larangan ng panitikan. Hindi ko maikakaila na kaliwete ako. O tulad ni Huday, 'ika nga ng isang biro, tila mas mabigat ang kiling ng bayag ko sa teatro. Ito na rin marahil ang nagtatakda kung paano ako magsulat, para kanino, at iba pang mga isyung nauukol sa sining ng pagsusulat. Madalas nagsusulat ako ng dula dahil kinomisyon ako. Hindi dahil sa babayaran ako, bagama't magsisinungaling ako kung sasabihin kong hindi importante iyon, kundi pa dahil sa nakatitiyak akong ipapalabas ito ng nagkomisyon ng dula at hindi mananatiling blueprint ng isang produksiyon sa utak ko. Tiyak din sa akin kung sino ang manonood nito. At ang karanasan ko sa pagsulat sa teatro ang nagbibigay din sa akin ng ideya kung gaano karaming mga artista ang dapat isali, kung musical ba ito o dulang may awit dahil marunong umawit ang mga gaganap, at iba pang konsiderasyon. Maging ang mga estilong pinag-eeksperimentuhan ko ay nagbuhat sa karanasan ko sa panonood at kakayahan ng mga kumpanyang panteatrong ginagalawan ko. Pati ang estilo at diction ng panulat ko'y bahagya o tuwirang nakabatay sa karanasang panteatrong pinagdaanan ko. Kung mayroon mang inobasyon o pagtatangkang lumikha ng bago—ito'y batay na rin sa kakulangang natunghayan ko sa karanasan ng mga produksiyong nagdaan. At hindi kailanman sa karanasan ko sa pagpublish ng mga dula ko.

Para sa akin, sa ganoong paraan lamang mabubuo ang pampanitikang bahagi ng isang dula. Mas hinog at mas masigla dahil pinataba ito ng ibang kasapi ng produksiyon. Saka lamang ito nararapat na ituring bilang akdang pampanitikan. Wika nga ni David Henry Hwang, "Are plays literature? Yes, but in retrospect."

lilan lang naman ang naging layunin ko sa pagsusulat ng dula. Ang una'y nagbabaka-sakaling kikita ako kahit kaunti. Mas naikli ang panahong hinihintay para mabayaran ako sa pagsusulat ko ng dula. Di tulad siguro ng pag-publish ng sariling libro. Ang ikalawa'y bunsod na rin ng aking pampolitikang pananaw: na mayroon akong mahalagang gustong sabihin sa mundo, etc., etc. Ang ikatlo'y, oo, tulad ni Rene, hangarin ko ring makilala sa larangan ng panitikan ang mga akda ko, ngunit di ko maisip na iuna ang hangaring ito sa pinakamahalagang hangarin ko bilang mandudula, walang halong pagbibiro: ang magpalabas.

“THE CITY’S BAD ENOUGH AS IT IS”: WHAT I WRITE, HOW, AND WHY

ELIZA VICTORIA

